PAGSUSURI SA MGA AKDANG PAMPANITIKAN SA GABAY NG PAGTUTURO NA LUNSARAN NG MGA GURO SA FILIPINO 8: TUNGO SA PAGLIKHA NG MGA PAMANTAYAN SA PAGPILI NG MGA LUNSARAN AT GAWAIN SA PAGTUTURO-PAGKATUT

Princess Ghay P. Naluz
Researcher

Master of Arts in Education
Major in Filipino

Abstrak

Ang kwalitatibong pag-aaral na ito ay naglalayong makatulong sa pagpapabuti sa pagtuturo ng Filipino 8 sa pamamagitan ng paglikha ng mga pamantayan sa pagpili ng angkop na mga lunsaran at gawain mula sa mga resulta sa pagtukoy kung ang mga akdang pampanitikang ginagamit na lunsaran ng mga guro ay akma sa mga kasanayang pagkatuto sa bawat batayang kakayahang nakapaloob sa Gabay Pangkurikulum. Tiningnan ang mga akdang pampanitikan at sinuri ang mga gawain sa bawat markahan na nakapaloob sa Gabay ng Pagtuturo kung ang mga ito ay nakahanay at angkop sa mga kasanayan sa pagkatuto.

Ipinakita rin kung alin sa mga kasanayan sa pagkatuto sa bawat batayang kakayahan ang nakakuha ng mataas at mababang bahagdan na nagpapatunay na ito ay nakamit ng mga guro. Sa Unang Markahan nanguna ang batayang kakayahang Paglinang ng Talasalitaan, sa Ikalawang Markahan ang Paglinang ng Talasalitaan at Pag-unawa sa Binasa, sa Ikatlong Markahan ang Wika at Gramatika at sa kabuuan ang Paglinang ng Talasalitaan at Pag-unawa sa Binasa ang nakakuha ng pinakamataas na bahagdan na nagpapahayag na ang mga lunsarang ginamit ay akma sa mga kasanayang nakapaloob sa mga batayang kakayahan sa Gabay Pangkurikulum. Sa mga kasanayang pagkatuto na hindi nakaangkla ang mga lunsaran, nanguna ang batayang kakayahang Wika at Gramatika sa Unang Markahan, ang Estratehiya sa Pag-aaral sa Ikalawang Markahan, ang Paglinang ng Talasalitaan at Pagsasalita sa Ikaltlong Markahan at ang Estarehiya sa Pag-aaral sa kabuuan. Ipinaliwanag kung bakit ang mga ito ay nakakuha ng mataas at mababang bahagdan batay sa mga gawain sa Gabay ng Pagtuturo. Inilahad din ang mga gawaing nakakuha ng pinakamababa at pinakamataas na bahagdan. Ibinahagi ang naging epekto nito sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ang nakitang mga resulta ay naging instrumento upang makalikha ng pamantayan sa pagpili ng mga angkop na lunsaran at mga gawain sa pagtuturo ng Filipino 8. Nakatulong din ito upang mabigyan ng mungkahi ang mga guro at administrador sa ikabubuti at ikauunlad ng pagtuturo nang sa gayon ay makatulong sa pagtamo ng kalidad na edukasyon sa ating bansa.

Mga Susing Salita: akdang pampanitikan, lunsaran, kasanayang pampagkatuto, batayang kakayahan, gabay ng pagtuturo, gabay pangkurikulum

PANIMULA

Ang edukasyon ay ang pasaporte sa hinaharap at ang bukas ay para lamang sa mga naghahanda ngayon. Ang pagkakaroon ng de-kalidad na edukasyon ay pundasyon sa paglikha ng tuloy-tuloy na kaunlaran. Sa tulong nito ay mapauunlad ang kalidad ng buhay at ang pagkakaroon ng akses sa inklusibong edukasyon (*inclusive education)* ay maglalandas sa pagkakaroon ng kasangkapan ng mga lokal na mamamayan upang makabuo ng mga inobatibong solusyon sa mga malalaking suliranin sa mundo. Pinaniniwalaan din ng mga pinuno na kasapi sa Nagkakaisang Bansa, na sa tulong ng de-kalidad na edukasyon ay maaaring maabot ang iba pang *Sustainable Development Goals 2030* tulad ng pagkalas sa siklo ng kahirapan, di pagkapantay-pantay na karapatan ng mga babae laban sa kalalakihan, pagkakaroon ng higit na maayos na kalusugan at iba pa. Ang de-kalidad na edukasyon ay isa lamang sa labimpitong tunguhin para sa *Sustainable Development Goals 2030* ng mga kasapi sa Nagkakaisang Bansa (2018).

Kabilang sa pagtamo sa mga layuning ito ng Nagkakaisang Bansa ng Kagawaran ng Edukasyon na may bisyon sa 2022 na maging modernong propesyonal, aktibo, maliksi, mapagkakatiwalaan at pinangangalagaan ang institusyon na naghahatid ng kalidad, may patutunguhan, may katuturan at malayang programang K-12, na nagpapagana sa ating mga mag-aaral na maging mapagmahal sa bansa, matatag at may kakayahang mag-aaral sa habang buhay.

Sa kabila ng pagbabago ng mga pamunuan at pagtatangkang baguhin ang sistema ng edukasyon ng mga bansa tulad ng Pilipinas ay tila talulot ito ng rosas na sa simula ay mabango subalit ang samyo nito at pangakong makapagpabago sa buhay ng karaniwang mamamayan ay tila patak ng ulan at hindi pa agarang nararamdaman.

Kung susumahin ang pambansang badyet kada taon, isa ang edukasyon sa mga sektor ng lipunan na binibigyan ng malaking pondo upang matugunan ang pangangailangan ng mga paaralan, guro at mag-aaral. Sa pagtugon sa mga pangangailangan ng lipunan, ang edukasyon ay nagsisilbing prayoridad ng pamumuno sa ilang mga panahon sa ating pambansang pakikibaka bilang isang lahi.

Sa pamamalakad ng edukasyon noon, hindi pantay ang karapatang pang-edukasyon ng bawat isa. Sa tulong ng iba't ibang lider ng bansa, nagkaroon ng pagbabago upang mapaunlad ang edukasyon. Isa na rito ang *Education for All (EFA) Movement* na inilunsad ng Nagkakaisang Bansa noong 1990 na ang layunin ay mabigyan ng pagkakataon ang lahat na makapag-aral at makamit ang kumpletong edukasyon.

Nagkaroon ng pagpupulong ang mga lider ng mundo noong 2000 sa *United Nations Millenium Summit* upang magtulungan sa mas mapayapa, masagana at makatarungang mundo. Pinatunayan ito ng *Millenium Development Goals* na maisasakatuparan ang target sa taong 2015. At isa sa kanilang nais na matamong layunin ay ang makamit ang pangunahing

edukasyon para sa lahat tungo sa *universal literacy* at *numeracy* upang mapaunlad ang kasanayan sa pagtatrabaho. Sa pangkahalatan, ang mga MDG ay napakahusay sa pagtutuon ng pansin at pagbibigay-tugon sa mga pangunahing pangangailangan sa pag-unlad ng tao.

Ayon kay Gannaban (2012), malaki ang papel na ginagampanan ng edukasyon sa pag-unlad ng isang bansa. At dahil sa paaralan nakabatay ang mga inaasahan at mithiin ng mga mamamayan, patuloy na nababago ang sistema nito dahil naiimpluwensiyahan ng patuloy na pagbabago ng panahon.

Sa ika-21 siglo, ang mga bagong kalakaran sa edukasyon ay kasama ang paggamit ng teknolohiya sa loob at labas ng silid-aralan; pagpapatibay sa *individualized* at *learning-centered approach* sa pag-aaral; pag-uugnay sa pag-aaral ng wika sa mga kasanayan sa pamumuno at epekto sa komunidad; at mga pamamaraan na nakabatay sa *asset* sa pagtatasa, kabilang ang mga balangkas at mga huwaran. Kabilang sa mga pangunahing nais maisakatuparan ng edukasyon ay ang globalisasyon na isang proseso ng pakikipag-ugnayan at pagsasama sa mga tao, kompanya, at pamahalaan ng iba't ibang bansa, isang proseso na hinihimok ng internasyonal na kalakalan at pamumuhunan at tinutulungan ng teknolohiya ng impormasyon. Ang prosesong ito ay may epekto sa kapaligiran, sa kultura, sa mga sistemang pampulitika, sa pagpapaunlad ng ekonomiya at kasaganaan, at sa pisikal na kagalingan ng tao sa mga lipunan sa buong mundo. (The Levin Institute, 2016)

Upang matamo ang globalisasyon ng bansa partikular sa usaping edukasyon, isa ang kurikulum sa iniaayos ng Kagawaran ng Edukasyon upang matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral. Kabilang dito ang inilunsad na Programang K-12 na nasa ikalimang taon na ng pagkakapatupad. Nagkaroon ng iba’t ibang pagsasanay ang mga guro bilang paghahanda para dito. Mula 2010-2014, pinunan ng DepEd ang 128,105 mga bagong aytem para sa mga guro. Ang target ng DepEd para rito ay dalawang uri ng mga guro: ang mga magtuturo sa mga pangunahing paksa at ang mga magtuturo sa mga espesyal na paksa sa bawat *track.*

Target din ng programang K-12 ang matamo ng mga mag-aaral ang *21st Century Skills*. Ang mga kasanayang ito ay tinatawag ding mga kasanayan sa pag-aaral. Alam ng maraming mga tagapagturo ang tungkol sa mga kasanayang ito dahil ang mga ito ay pangkalahatang pangangailangan para sa anumang karera. Nag-iiba rin sila sa mga kahalagahan, depende sa aspirasyon ng isang indibidwal. Popular sa mga kasanayang ito ay ang kritikal na pag-iisip, pagkamalikhain, kolaborasyon at komunikasyon. Ang kritikal na pag-iisip ay ang paghahanap ng solusyon sa mga problema, ang pagkamalikhain ay pag-iisip sa labas ng kahon, ang kolaborasyon ay paggawa kasama ang iba at komunikasyon ay ang pakikipag-usap sa iba. Ang mga nasabing kasanayan ay simulain pa lamang. Ang mga kasanayan sa ika-21 siglo ay nangangailangan din ng mga estudyante na maunawaan ang impormasyon na nakapaligid sa kanila. (Zook, 2018)

Mayo 2018 nang ginanap sa Olongapo ang Pambansang Palihan sa Kritikal na Nilalaman ng Kurikulum sa Baitang 7 bilang isa sa mga pagtatangka ng Kagawaran ng Edukasyon sa pagpapahusay ng pagkakaturo ng mga kasanayan gamit ang mga akdang pampanitikan.

Ang antas ng kahusayan ng alinmang paaralan ay nakasalalay sa pagganap ng mga guro sa pagtuturo. Binibigyang-diin din ni Brain (1996) na ang susi sa lahat ng suliranin sa mabisang pagtuturo ay ang guro. Kumbaga sa isang manggagamot, nararapat pulsuhan ng guro ang sanhi ng kanilang karamdaman bago lapatan ng kaukulang lunas. May iba't ibang papel na ginagampanan ang guro sa pagtuturo - bilang tagapayo, patnubay, tagapangasiwa, kapatid, kaibigan, magulang at iba pa kaya malaki ang impluwensiya ng isang guro sa paglinang ng kakayahan ng mag-aaral, lalo na sa panahon ng kanilang kabataan. Ito ay nagsisilbing tungkuling dapat gampanan ng isang guro sa pagkatuto ng mga kabataan. Sa isang banda, dahil ang pagtuturo ay isang kumplikadong gawain, mahalaga ang kahandaan ng guro sa propesyong ito. Gayunpaman, hindi lamang guro ang tanging baryabol sa pagtuturo – pagkatuto. Ang mga guro ay pinaniniwalaang nakapag-aambag ng pagbabago sa katauhan ng mag-aaral.

Ang pinakalayunin ng isang guro sa kanyang pagtuturo ay matuto ang kanyang mga mag-aaral. Upang matamo ang nasabing layunin, kinakailangan niyang isaalang-alang ang iba't ibang salik nang sa gayon ay mapagtagumpayan niya ang kanyang pagtuturo. Kabilang sa mga salik na ito ang kurikulum, mga estratehiya, kagamitang pampagtuturo at iba pa.

Sa paglipas ng panahon, nag-iiba ang kurikulum na ginagamit sa paaralan. Dito nakabatay ang mga paksang-aralin at mga kasanayang dapat linangin ng mga mag-aaral. Ayon kay Ebert II et.al (2013), ang kurikulum ay tumutukoy sa magiging interaksyon ng mag-aaral sa mga itinakdang mithiing natukoy sa mga layunin ng mga aralin. Dagdag pa niya, ang ilang dalubhasa sa edukasyon na nagsasabing ang isang kurikulum ay binubuo ng mga nakaplanong karanasan na sinasangguni ng mga paaralan bilang bahagi ng responsibilidad sa edukasyon. Ang iba naman ay nagsasabing ang kurikulum ay hindi lamang nakaplano kung hindi may mga hindi nakaplanong karanasan din. Ayon kay William Alexander Precy (2013), mula sa mga batikang guro, ang kurikulum na kanilang ginagamit ay napakahalagang bahagi kung paano sila makikipagkomunikasyon. Hindi ka natututo ng asignatura sa kanila bagkus ay kung paano nila gagamitin ang kanilang natutuhan sa buhay.

Mula sa mga paksang-aralin sa sinusunod na kurikulum ng mga guro, pag-aaralan ang mga ito upang makapag-isip ng mga naaayon at epektibong estratehiya para sa mga ito. Ayon kay Derrick Meador (2017), ang mga estratehiya sa pagtuturo ay binubuo ng mga dulog na aktibong ginagamit ng mga guro upang maengganyo ang mga mag-aaral sa pagkatuto. Ang mga estratehiyang ito ay nagpapaganyak sa guro upang matamo niya ang mga layunin sa tatalakaying aralin. Ang mga epektibong estratehiya sa pagtuturo ay tutugon sa lahat ng mga paraan ng pagkatuto at pag-unlad sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral.

Lalong magiging epektibo ang mga estratehiya ng isang guro kung gagamitan pa niya ang mga ito ng mga kagamitang pampagtuturo. Isa sa mga instrumentong kinakatigang maisakatuparan ay ang mga kagamitang panturo na ginagamit sa loob ng klase. Sinasabi nina Abad at Ruedas (1996) na hindi lamang nagtatapos sa paghahanda ng kagamitan ang gawain ng guro, kailangang alam din niya kung maraming inihahaing kabutihan para sa kanyang mga mag-aaral ang paggamit niya ng mga ito. Binanggit naman ni Bretaña (2005), na ang paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo ay makatutulong sa mga mag-aaral upang maitaas ang kanilang kakayahan sa pagsasalita sa epektibong pamamaraan sa tulong ng wika.

Ang mga kagamitang pampagtuturo ay ang mga ginagamit sa mga pang-edukasyon na aralin, na kinabibilangan ng aktibong pag-aaral at pagtatasa. Ang anumang mapagkukunang ginagamit ng isang guro upang tulungan siyang turuan ang kanyang mga mag-aaral ay matatawag na kagamitang pagpagtuturo. (Janovsky, 2003)

May apat na salik na dapat isaalang-alang upang maging epektibong komyunikeytor – pakikinig, pagbabasa, pagsasalita at pagsulat. Ang mga kagamitang pampagtuturo ay masasabing nagbibigay-kulay sa talakayan sa klase. Mula sa motibasyon hanggang sa pagtataya ay maaaring gumamit ang guro ng mga kagamitang pampagtuturo upang sa gayon ay maging matagumpay ang kanyang pagtuturo.

Ang kurikulum, mga estratehiya at kagamitang pampagtuturo ay ilan lamang sa mga salik na maaaring pagbatayan ng isang guro sa kanyang pagtuturo at ang mag-aaral sa kanyang pagkatuto. Sa paglalahad ng aralin sa isang kaparaanang kawili-wili, nakagaganyak at nakatatawag-pansin, isang napakahalagang bagay na dapat niyang pag-ukulan ng paglilimi ay ang paggamit niya ng iba't ibang lunsaran sa kanyang pagtuturo. Ang lunsaran ay maaaring magbigay ng oportunidad sa pagsunod sa isang partikular na plano sa gagawin niyang aksyon o pang-engganyo na kailangan para maging matagumpay ang isang gawain. Ang mga ito ay may malakas na epekto sa pagbabahagi ng impormasyon sa pamamagitan ng pag-aanalisa at pag-unawa.

Walang gaanong tagumpay na matatamo ang guro sa kanyang paglalahad ng aralin kung walang kawilihan at pananabik na nadarama ang mga mag-aaral sa mga araling kanilang tinatalakay. Ang mga lunsaran ay magsisilbing pangganyak upang kalugdan ng mga mag-aaral ang liksiyong itinuturo. Sa Ingles, tinatawag itong *springboard.* Sa paglalahad ng bagong aralin upang mapanatili ang kawilihan ng mga mag-aaral, ang guro ay kailangang gumawa ng paraan upang maging buhay, mabunga at matagumpay ang kanilang pag-aaral. Magagawa ito sa pamamagitan ng paggamit ng mga lunsaran sa paglalahad ng aralin sa Filipino o maging sa ibang asignatura man katulad ng tula, kuwento, anekdota, alamat, dula-dulaan, komikstrip, talumpati, sanaysay, balita, pangulong-tudling, liham, talaarawan, talambuhay, anunsyo at iba pa. Ang mga ito ay kabilang sa mga tinatawag na akdang pampantikan.

Ayon kay Añonuevo (2016), anuman ang pagbabago sa sistema sa edukasyon ng bansa, hindi matatawaran ang bisa ng panitikan. Aniya, “wala akong resibo para maging lubhang tiyak sa natutupad nito, hindi tulad ng gamot sa botika na magagarantiya ng resibo kapag binayaran mo sa kahera”. Dagdag pa niya, sa pinakapayak na paglalarawan, ang panitikan o panulatan ay ang pagsulat ng tuwiran o tuluyan at patula na nag-uugnay sa isang tao. Subalit upang maipagkaiba ito mula sa ibang mga walang saysay na babasahin o patalastas lamang, ang mga panitikan ay ang mainam na pagsulat na may anyo, pananaw, at diwang nakasasanhi ng matagal na pagkawili at gana. Samakatuwid, may hugis, may punto de bista at nakapagpapahaba ng interes ng mambabasa ang isang sulating pampanitikan. Nagsasalaysay ng buhay, pamumuhay, lipunan, pamahalaan, pananampalataya at mga karanasang kaugnay ng iba't ibang uri ng damdaming tulad ng pag-ibig, kaligayahan, kalungkutan, pag-asa, pagkapoot, paghihiganti, pagkasuklam, sindak at pangamba. Ito ang isang dahilan kung bakit pinag-aaralan ang larangan ng literatura sa mga paaralan.

Ang nakaimprentang panitikan ay nangangailangan ng intelektuwal na kapital para magkaroon ng disiplina sa pagbasa sa panitikan: ano ang mga katangian nito—banghay, kinakausap, buod, tunggalian, resolusyon, at iba pa. Nakasalig din ito sa pangangailangan ng intelektuwal na paggawa para maunawaan ito: ang malaking igpaw ng mga salita tungo sa pakiwari tungo sa pag-unawa ng ugnayan ng akda sa sarili, lipunan, at kasaysayan (Gannaban, 2012). Kaya nararapat lamang na ang gagamiting akdang pampantikan ay nakaangkla sa mga kasanayang dapat matamo ng mag-aaral sa epektibong pagtuturo ng guro.

Sa pananaliksik ni Gatanela (2014), isiniwalat na ang kagamitan para sa pagbasa na ginagamit sa Baitang 8 ay hindi angkop sa lebel ng mga mag-aaral batay sa Flesch-Kincaid Readability dahil ang lebel ng komprehensiyon ng pagbasa ng mga mag-aaral ay nasa antas ng *“frustration”.* Ang pagkakatulad ng pag-aaral ni Gatanela sa kasalukuyang pananaliksik ay ang pagtataya nito sa kaangkupan ng kagamitan sa paglinang ng isang tiyak na kasanayan. Bagama’t hindi ika-21 siglong kasanayan ang tuon ng pag-aaral ni Gatanela, ang kasanayang tinaya nito ay batayang kasanayan sa larangan ng pagtuturo ng wika na magagamit upang malinang ang ika-21 siglong kasanayan.

Sa pag-aaral naman ni Cox (2014), binanggit niya na sa kasalukuyang panahon, ang impormasyon, media at teknolohiya ang pangunahing pangangailangan ng kasalukuyang sistema ng edukasyon. Kung bibigyan ito ng pokus, mas magkakaroon ng paglalapat sa lipunang ginagalawan ng mga mag-aaral at mas nakagagamit ng mga awtentikong kagamitan. Idinagdag pa niya na mas nagkakaroon ng malinaw na tunguhin at mapanghamong gawain upang malinang ang mga matataas na antas ng kasanayan na ibinabatay sa konteksto ng isang komunidad.

Ang mga akdang pampanitikan na nagsisilbing lunsaran ng mga guro sa kanilang pagtuturo ay nakabatay sa kanilang ginagamit na Gabay sa Pagtuturo. Ang mga akdang ito ay maaaring nakaangkla o hindi sa mga kasanayang kailangang linangin sa pagtuturo ng guro at pagkatuto ng mag-aaral.

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa dahil ang mananaliksik ay guro rin sa Filipino 8 na nagnanais na malaman kung sapat at akma ang mga akdang pampanitikang kanilang ginagamit na lunsaran sa pagtuturo at kung ang mga ito ay hindi man angkop, magkakaroon ng ibang mga akdang pampanitikan na tutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral. Ito rin ay makatutulong hindi lang sa kanya kundi maging sa iba pang guro ng Filipino 8. Magsisilbi rin itong gabay ng mga tagalinang ng kurikulum nang sa gayon ay may magagamit sila sa lalong pagpapaunlad ng kurikulum sa edukasyon partikular sa Filipino 8.

Layunin ng pag-aaral na ito na makalikha ng isang balangkas ng mga pamantayan sa pagpili ng mga lunsaran at mga gawain sa pagtuturo-pagkatuto ng Filipino 8 sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga akdang pampantikang nagiging lunsaran ng mga guro. Isasagawa ito upang matiyak kung angkop at epektibo ang mga akdang pampantikan sa pagkatuto ng mga mag-aaral pati na rin kung ang mga ito ay nakabatay sa mga kasanayang dapat linangin ayon sa Gabay Pangkurikulum ng DepEd.

Ang mga sumusunod na tiyak na layunin ay ang ginamit sa pagsasagawa ng pag-aaral: 1) Natutukoy kung nakaangkla ang mga kasanayan sa Gabay Pangkurikulum sa mga akdang pampanitikang lunsaran sa Filipino 8; at 2) Nailalarawan ang tugon ng mga guro hinggil sa paggamit ng mga akdang pampanitikan.

PAMAMARAAN

Ginamit sa pananaliksik na ito ang pagsusuring pangnilalaman. Ayon kay Villafuerte (2000), ito'y pag-uuri-uri ng mga bagay, pahayag at elementong nakita sa pagsusuri ng akda. May pagpapangkat-pangkat at pag-iipon-ipon ng mga sistema. Ang sistemang ito ay maaaring hierarkikal, makro-mikro o mikro-makro ang pagkakaayos na sa ibang salita ay tinatawag na kategorya.

Ayon kay Haggardy (2009), ang pagsusuring pangnilalaman ay isang paraan ng pananaliksik na nagpapahintulot sa kwalitatibong datos na nakolekta sa pananaliksik na masuri nang sistematiko at makatotohanan upang ang pangkahalatan ay maaaring gawin mula sa kanila, kaugnay sa mga kategorya ng interes ng mananaliksik.

Ang pokus ng pag-aaral na ito ay nasa pagsusuri sa mga akdang pampanitikang nagsisilbing lunsaran sa pagtuturo ng mga guro sa Filipino 8. Upang magkaroon ng kinakailangang datos, humingi ng pahintulot sa punongguro ng paaralan sa pamamagitan ng pagbibigay ng liham sa labing-isang kalahok na guro sa Filipino 8 na lima hanggang

tatlumpung taon nang nagtuturo na naging instrumento upang maisagawa ang pag-aaral. Sinuri ng mga kalahok ang mga akdang pampanitikan kung ang mga ito ay nakaangkla sa mga kasanayan o kompetensing buhat sa Gabay Pangkurikulum. Bumuo ang mananaliksik ng talahanayan na kung saan nakapaloob ang mga akdang pampanitikang nagsisilbing lunsaran, listahan ng mga kasanayan sa pagkatuto sa bawat batayang kakayahan at mga gawaing pangmag-aaral. Ibinigay ito sa mga kalahok at kanila itong sinuri kung nakahanay ang mga lunsaran at kung angkop ang mga gawain sa mga kasanayan sa pagkatuto sa bawat batayang kakayahan. Nagbigay rin sa mga guro sa Filipino 8 ng mga katanungan upang mailarawan ang kanilang tugon sa paggamit ng mga naturang akdang pampanitikan. Kinuha ang kasagutan ng mga guro sa pagsusuri at iba pang katanungan sa pag-aaral. Ang mga katanungang ibinigay sa mga kalahok ay ipinasuri muna sa dalawang eksperto.

Mula sa mga nakuhang datos, bumuo ng talahanayan at ipinagsasama-sama ang mga kasagutan ng mga kalahok. Nagsagawa ng kompyutasyon upang makita kung alin sa mga lunsaran at mga gawain ang nakahanay sa mga kasanayan sa pagkatuto sa bawat batayang kakayahan. Makikita sa talahanayang ito ang mga porsiyento o bahagdan kung alin sa mga kasanayan sa pagkatuto mula sa Gabay Pangkurikulum ang naging akma sa mga nakapaloob na mga lunsaran at gawain sa Gabay ng Pagtuturo. Tiningnan kung alin sa mga kasanayang pagkatuto sa bawat batayang kakayahan ang nakakuha ng pinakamataas at pinakamababang bahagdan sa pagkakahanay gayundin kung alin sa mga gawain sa Gabay ng Pagtuturo ang angkop sa mga kasanayang ito. Gumawa rin ng dayagram upang maihambing nang malinaw ang mga kasanayan sa pagkatuto sa bawat batayang kakayahan at mga gawaing mag-aaral. Nagbigay ng paliwanag sa isinagawang pagsusuri kung bakit ang mga ito ang nakakuha ng mataas at mababang bahagdan at kung bakit angkop o di-angkop ang mga gawain sa mga kasanayang pampagpagkatuto.

Mula rin sa mga kasagutan ng mga kalahok, lumikha ng mga pamantayan sa pagpili ng mga angkop na lunsaran at gawain para sa aralin sa Filipino 8 na makatutulong sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral. Nagkaroon din ng dagdag na panayam sa mga guro upang makilatis ang mga dahilan ng hindi pagkakaangkla ng mga lunsaran sa Filipino 8 at kung paano sila pumili ng mga lunsaran para sa mga kasanayang nakatala sa Gabay Pangkurikulum. Mula sa mga tala ng mga kalahok ay hinanap ang mga magkakaparehong sagot, pinaghanay at bumuo ng mga tema. Dahil kakaunti ang bilang ng mga kalahok ay hindi mahirap na makabuo ng mga tema na batay sa resulta ng panayam. Ang mga temang ito ay naging pamantayan sa pagpili ng mga lunsaran at gawain para sa Filipino 8 na makatutulong sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mag-aaral.

MGA NATUKLASAN

Resulta sa Pagsusuri sa mga Akdang Pampantikang Lunsaran ng mga Guro

Ang pagkatuto ay isang proseso ng patuloy na pag-unlad at pagbabago sa ating isipan kung saan tayo nakakukuha ng mga impormasyon, naipoproseso ito, naiuugnay at

hanggang ito ay atin nang nagagamit. Sa pagtatamo ng pagkatuto ng isang indibidwal, kinakailangang isaalang-alang kung makakamit niya ang mga kasanayang pampagkatuto na nakahanay sa mga batayang kakayahan mula sa Gabay Pangkurikulum.

Isa sa mga inihahanda ng guro sa paggawa niya ng plano ng pagkatuto ay kung ano ang kanyang maaaring gamiting lunsaran sa araling kanyang ituturo. Maraming mapagpipiliaan ang guro ng mga lunsaran na aangkop sa kasanayang nais niyang mapagtagumpayan. Isa sa madalas na gamitin ng mga guro na lunsaran ay ang paggamit ng mga akdang pampantikan.

Nakapaloob sa Gabay ng Pagtuturo sa Unang Markahan ang mga akdang pampanitikang “Sa Aking mga Kabata” ni Dr. Jose P. Rizal at “Pag-ibig sa Tinubuang Lupa” ni Andres Bonifacio (mga tula), “Mina ng Ginto – Alamat ng Baguio” (alamat), “Si Tuwaaang at ang Dalaga ng Buhong na Langit” (epiko), “Uhaw ang Tigang na Lupa” ni Liwayway Arceo (maikling kuwento) at “Ang Katamaran ng mga Pilipino” ni Jose P. Rizal (sanaysay). Inaasahang ang mga ito ay nakaangkla sa mga kasanayan sa pagkatuto na nakapaloob sa Gabay Pangkurikulum batay na rin sa batayang kakayahan dito. Sa Gabay Pangkurikulum sa Filipino nakabilang ang walong batayang kakayahang *Pag-unawa sa Napakinggan*, *Pag-unawa sa Binasa*, *Paglinang ng Talasalitaan*, *Panonood*, *Pagsasalita, Pagsulat, Wika at Gramatika* at *Estratehiya sa Pag-aaral.* Ang mga batayang kakayahan ay may mga kasanayang nakapaloob sa bawat aralin. May mga nakalaan ding mga gawain sa Gabay ng Pagtuturo na magagamit ng mga guro upang malinang ang mga kasanayan sa bawat batayang kakayahan.

Sa isinagawang pagsusuri sa mga ginamit na lunsaran sa Unang Markahan ng mga guro sa Baitang 8, lumabas sa tugon ng mga guro na sumasang-ayon na ang mga ito ay nakahanay sa mga kasanayan sa pagkatuto sa Gabay Pangkurikulum. Sampung kalahok o siyamnapu’t anim na bahagdan ang nagsabing ang batayang kakayahang *Paglinang ng Talasalitaan* ang may pinakamataas na bahagdan. Sumunod dito ang *Pag-unawa sa Napakinggan* na walong kalahok o walumpu’t apat na bahagdan ang sumang-ayon na halos hindi lalayo sa naging resulta ng *Pag-unawa sa Binasa* na may pitong kalahok o walumpung bahagdan ang sumang-ayon. Sinundan ito ng batayang kakayahang *Pagsasalita* na pitong kalahok o pitumpu’t walong bahagdan ang nakuha samantalang animnapu’t siyam na bahagdan o anim na kalahok naman ang *Pagsulat.* Hindi rin lalayo ang naging resulta ng dalawang batayang kakayahan na *Panonood* na may animnapu’t dalawang bahagdan o limang kalahok at ang *Wika at Gramatika* na nabigyan ng pinakamababang bahagdan na animnapung bahagdan o limang kalahok.

May mga guro rin na nagsabing ang mga kasanayan sa pagkatuto ay hindi nakaangkla sa mga lunsaran mula sa Gabay ng Pagtuturo. Apat na kalahok o apatnapung bahagyan ang nagpahayag na ang batayang kakayahang *Wika at Gramatika* ay hindi nakaangkla sa mga lunsaran at ang *Panonood* na naituos naman sa tatlumpu’t walong bahagdan o tatlong kalahok. Ang *Pagsulat* ay nakakuha ng tatlumpu’t isang bahagdan o

tatlong kalahok. Hindi naman nagkakalayo ang resulta ng batayang kakayahan na *Pagsasalita* na may dalawampu't dalawang bahagdan o dalawang kalahok at ang *Pag-unawa sa Binasa* na may dalawampung bahagdan o dalawang kalahok. Ang *Pag-unawa sa Napakinggan* ay nagkaroon naman ng labing-anim na bahagdan o isang kalahok. Pinakamababa ang nakuhang resulta ng batayang kakayahan na *Paglinang ng Talasalitaan* na walang kalahok o apat na bahagdan lamang ang naging resulta nito.

Sa Ikalawang Markahan naman makikita ang mga akdang pampanitikan na "Bulaklak ng Lahing Kalinis-linisan" ni Jose Corazon de Jesus (balagtasan), "Walang Sugat" ni Severino Reyes (sarsuwela), "Wikang Pambansa" ni Manuel L. Quezon (sanaysay), "Lupang Tinubuan" ni Narciso Reyes at "Paglalayag sa Puso ng Isang Bata" ni Genoveva Edroza-Matute (mga maikling kuwento) at "Sinag sa Karimlan" ni Dionisio Salazar (dula).

Makikita sa resulta ng pagsusuri sa mga lunsaran sa Ikalawang Markahan na nanguna ang batayang kakayahan na *Pag-unawa sa Binasa* at *Paglinang ng Talasalitaan* na nakakuha ng walumpu't walong bahagdan o walong kalahok ang tumugon na akma ang mga lunsaran para rito. Sumunod dito ang *Pagsasalita* na naituos sa walumpu't walong bahagdan o walong kalahok. Hindi naman nagkalayo ang naging resulta ng dalawang batayang kakayahan na *Pag-unawa sa Napakinggan* na may pitumpu't siyam na bahagdan o pitong kalahok at *Pagsulat* na nakakuha ng pitumpu't walong bahagdan o pitong kalahok. Ang *Panonood* naman ay nabigyan ng pitumpu't dalawang bahagdan o anim na kalahok. Ang natirang dalawang batayan ay halos magkapareho ang nakuhang resulta – ang *Wika at Gramatika* na may animnapu't anim na bahagdan o anim na kalahok at ang *Estratehiya sa Pag-aaral* na nagkaroon naman ng animnapu't limang bahagdan o anim na kalahok.

Sa tugon naman ng mga guro na hindi sumang-ayon, ang dalawang batayang kakayahan ay halos magkapareho ng nakuhang resulta – ang *Estratehiya sa Pag-aaral* na tatlumpu't limang bahagdan o tatlong kalahok ang nagpahayag na ito ang nanguna at ang *Wika at Gramatika* na may tatlumpu't apat na bahagdan o tatlong kalahok. Ang *Panonood* ay nakakuha naman ng dalawampu't walong bahagdan o tatlong kalahok. Hindi naman nagkalayo ang nakuhang resulta ng *Pagsulat* na naituos sa dalawampu't dalawang bahagdan o dalawang kalahok at ang *Pag-unawa sa Napakinggan* na naituos sa dalawampu't isang kalahok o dalawang kalahok. Nagkaroon naman ng labing-anim na bahagdan o isang kalahok ang *Pagsasalita.* Ang natirang dalawang batayang kakayahan na *Pag-unawa sa Binasa* at *Paglinang ng Talasalitaan* ay parehong nakakuha ng pinakamababang bahagdan na labindalawa o isang kalahok.



Sa Ikatlong Markahan nakapaloob ang mga akdang pampanitikan na “Tabloid: Isang Pagsusuri” ni William Rodriguez II (balita), “Komentaryong Panradyo Kaugnay ng Freedom of Information Bill” (komentaryong panradyo), “Sa Gitna ng Dilim” ni Mil Adonis (dokumentaryong pantelebisyon) at “Manoro” ni Brillante Mendoza (dokumentaryong pampelikula) na nagsilbing lunsaran ng mga guro.

Sa pagsusuri naman sa mga lunsaran sa Ikatlong Markahan, ang batayang kakayahan na nanguna sa resulta ay ang *Wika at Gramatika* na may walumpu’t limang bahagdan o walong kalahok ang nagsabing nakaangkla ang mga kasanayan sa ginamit na lunsaran. Pareho ang nakuhang resulta ng tatlong batayang kakayahan na *Pag-unawa sa Napakinggan, Pag-unawa sa Binasa* at *Panonood* na naituos sa walumpu’t dalawang bahagdan o pitong kalahok. Sumunod naman ang *Pagsulat* na nabigyan ng pitumpu’t anim na bahagdan o pitong kalahok. Dalawa naman sa mga batayang kakayahan sa Ikatlong Markahan ang nagkapareho ng resulta na pitumpu’t tatlong bahagdan o pitong kalahok - ang *Paglinang ng Talasalitaaan* at *Pagsasalita.*

Ipinakita naman sa tugon ng mga guro na sumalungat sa kaangkupan ng mga ginagamit nilang lunsaran na ang dalawang batayang kakayahang *Paglinang ng Talasalitaan* at *Pagsasalita* ay naituos sa dalawampu’t pitong bahagdan o dalawang kalahok. Sumunod dito ang *Pagsulat* na may dalawampu’t apat na bahagdan o dalawang kalahok. Tatlo sa mga batayang kakayahan ang nagkaroon ng parehong resulta na labingwalong bahagdan o dalawang kalahok ang – *Pag-unawa sa Napakinggan, Pag-unawa sa Binasa* at *Panonood.* Ang batayang kakayahang *Wika at Gramatika* ay ang nakakuha ng pinakamababang bahagdan na labinglima o isang kalahok.

Talahanayan 3
Resulta sa Pagsusuri sa mga Akdang Pampanitikan (Lunsaran)
Nakaangkla/Nakahanay ba ang mga Lunsaran sa Ikatlong Markahan sa mga Batayang Kakayahan at Kasanayan sa Gabay Pangkurikulum?



Nagkaroon din ng isa pang pagsusuri na kung saan ipinagsama-sama ang mga resulta sa pagsusuri sa mga lunsaran mula Unang Markahan hanggang Ikatlong Markahan nang sa ganoon ay makita sa kabuuan kung anong batayang kakayahan ang nakaangkla sa mga nabanggit na lunsaran. Nakita sa isinagawang pagsusuri, ang dalawang batayang kakayahang *Pag-unawa sa Binasa* at *Paglinang ng Talasalitaan* ay parehong naituos sa walumpu't limang bahagdan o walong kalahok sa katugunan ng mga guro. Nakakuha rin ng parehong bahagdan na walumpu't isang bahagdan o pitong kalahok ang batayang kakayahan na *Pag-unawa sa Napakinggan* at *Pagsasalita.* Ang *Pagsulat* ay naituos sa pitumpu't limang bahagdan o pitong kalahok bahagdan samantalang ang *Panonod* ay nakakuha ng pitumpu't isang bahagdan o anim na kalahok. Ang batayang kakayahan naman na *Wika at Gramatika* ay nakakuha ng animnapu't walong bahagdan o anim na kalahok at ang *Estratehiya sa Pag-aaral* ay ang nakakuha ng mababang porsiyento na animnapu't apat na bahagdan o anim na kalahok. Mapapansin na ang mga kasanayang pagkatuto sa Gabay Pangkurikulum ay nakaangkla sa mga lunsaran sa Gabay ng Pagtututo.

Sa pagsusuri naman sa mga guro na sumalungat sa kasagutan ng ibang guro, ipinakita na ang batayang kakayahan na *Estratehiya sa Pag-aaral* ay ang nakakuha ng pinakamataas na bahagdan na tatlumpu't anim o tatlong kalahok. Ang *Wika at Gramatika* naman ay naituos sa tatlumpu't dalawang bahagdan o tatlong kalahok. Hindi naman nagkalayo ang nakuhang resulta sa batayang kakayahang *Panonood* na may dalawampu't siyam na bahagdan o tatlong kalahok at *Pagsulat* na may dalawampu't limang bahagdan o dalawang kalahok. Parehong nakakuha ng labing-siyam na bahagdan o dalawang kalahok

ang *Pag-unawa sa Napakinggan* at *Pagsasalita.* Ang natirang dalawang batayan ang nagkaroon ng pinakamababang resulta na labinlimang bahagdan o isang kalahok - ang *Pag-unawa sa Binasa* at *Paglinang ng Talasalitaan.*



Resulta sa Pagsusuri sa mga Gawain sa Gabay ng Pagtuturo

Kabilang sa inihahanda ng guro sa kanyang pagtuturo ay ang mga gawain na magsisilbing gabay niya sa pagtatamo ng mga mag-aaral sa kasanayang pagkatuto na matatagpuan sa Gabay Pangkurikulum. Ang mga gawain ng mga mag-aaral ay nakapaloob na sa mga Gabay ng Pagtuturo sa Filipino 8 na ipinamigay sa mga guro ng Kagawaran ng Edukasyon. Ang mga gawaing ito ay makikita rin sa mga kagamitan ng mga mag-aaral na aklat nila sa Filipino.

Ang mga gawain sa Gabay ng Pagtuturo ay kinakailangang angkop sa mga kasanayang pagkatuto sa Gabay Pangkurikulum. Makikita sa isinagawang pagsusuri na may mga gawain sa Gabay ng Pagtuturo na hindi akma sa mga kasanayang pagkatuto na nais malinang ng mga guro.

Sa Unang Marakahan, ipinakikita na ang batayang kakayahan na *Wika at Gramatika* ay nakakuha ng mataas na bahagdan na walumpu't siyam o walong kalahok ang nagpahayag na ang mga gawain dito ay angkop. Samantala, ang *Paglinang ng Talasalitaan* ay naituos sa walumpu't apat na bahgdan o walong kalahok. Hindi naman nagkakalayo ang naging resulta sa apat na batayang kakayahan na *Pag-unawa sa Binasa* na may animnapu't apat na bahagdan o anim na kalahok, *Pag-unawa sa Napakinggan* na naituos sa limampu't tatlong bahagdan o limang kalahok, *Pagsasalita* na may apatnapu't siyam na bahagdan o apat na kalahok at ang *Pagsulat* na nabigyan ng tatlumpu't tatlong bahagdan o tatlong kalahok. Nagkaroon ng pinakamamabang bahagdan ang batayang kakayahang *Panonood* na naituos sa apat na bahagdan o walang kalahok.

May mga guro ring nagsasabi na hindi angkop ang mga gawain sa Gabay sa Pagtuturo, nanguna rito ang batayang kakayahan na *Panonood* na naituos sa siyamnapu't anim na bahagdan o siyam na kalahok. Sumunod dito ang *Pagsulat* na may animnapu't pitong bahagdan o anim na kalahok. Hindi nagkalayo ang resulta ng dalawang batayan na *Pagsasalita* na naituos sa limampu't isang bahagdan o limang kalahok at ang *Pag-unawa sa Napakinggan* na naituos naman sa apatnapu't pitong bahagdan o apat na kalahok. Ang *Pag-unawa sa Binasa* ay nabigyan ng tatlumpu't anim na bahagdan o tatlong kalahok samantalang ang *Paglinang ng Talasalitaan* naman ay naituos sa labing-anim na bahagdan o isang kalahok. Ang batayang kakayahan na *Wika at Gramatika* ang nakakuha ng pinakamababang bahagdan na labing-isang bahagdan o isang kalahok.

Talahanayan 5
Resulta sa Pagsusuri sa mga Akdang Pampantikan (Lunsaran)
Angkop ba ang mga gawain sa Gabay ng Pagtuturo (Unang Markahan)
sa mga Kasanayang Pagkatuto sa Gabay Pangkurikulum?



Ipinakikita sa pagsusuri sa mga gawain sa Ikalawang Markahan na malapit ang naging resulta ng dalawang batayan na *Pag-unawa sa Binasa* na may pitumpung bahagdan o anim na kalahok at ang *Paglinang ng Talasalitaan* na naituos sa animnapu't walong bahagdan o anim na kalahok. Nabigyan naman ng animnapu't dalawang bahagdan o anim na kalahok ang batayang kakayahan na *Pagsasalita.* Hindi nagkalayo ang resulta ng *Pag-unawa sa Napakinggan* na nakakuha ng apatnapu't pitong bahagdan o apat na kalahok at ang *Pagsulat* na may apatnapu't isang bahagdan o apat na kalahok. Ang batayang kakayahang *Panonood* ay nagkaroon ng tatlumpung bahagdan o tatlong kalahok samantalang ang *Wika at Gramatika* ay naituos sa dalawampung bahagdan o dalawang kalahok. Ang batayang kakayahang *Estratehiya sa Pag-aaral* ang nakakuha ng pinakamababang bahagdan na labing-apat o isang kalahok.

Sa tugon naman ng ibang guro, hindi sila sumang-ayon na angkop ang mga gawain sa Gabay ng Pagtuturo. Nakakuha ng walumpu't anim na bahagdan o walong kalahok ang

Estratehiya sa Pag-aaral at walumpung bahagdan o pitong kalahok naman ang *Wika at Gramatika.* Ang batayang kakayahang *Panonood* ay naituos sa pitumpung bahagdan o anim na kalahok. Halos hindi lumayo ang resulta ng dalawang batayan na *Pagsulat* na may limampu't siyam na bahagdan o limang kalahok at *Pag-unawa sa Napakinggan* na may limampu't tatlong bahagdan o limang kalahok. Ang *Pagsasalita* naman ay naituos sa tatlumpu't walong bahagdan o tatlong kalahok. Magkalapit din ang naging resulta sa dalawang batayang *Paglinang ng Talasalitaan* na may tatlumpu't dalawang bahagdan o tatlong kalahok at *Pag-unawa sa Binasa* na may tatlumpung bahagdan o tatlong kalahok.

Sa bahagi naman ng Ikatlong Markahan, nakakuha ng mataas na bahagdan ang batayang kakayahan na *Pag-unawa sa Binasa* na pitong kalahok o pitumpu't anim na bahagdan ang nagpahayag nito. Malapit ang naging resulta ng dalawang batayang *Wika at Gramatika* na may limampu't limang bahagdan o limang kalahok at *Pag-unawa sa Napakinggan* na nakakuha ng limampu't dalawang bahagdan o limang kalahok. Nagkaroon naman ng tatlumpu't anim na bahagdan o tatlong kalahok ang *Panonood* samantalang ang *Pagsulat* na naituos sa tatlumpung bahagdan o tatlong kalahok. Walang kalahok o walang bahagdan ang nakuha ng dalawang batayang *Paglinang ng Talasalitaan* at *Pagsasalita.*

Sumalungat ang ilang mga guro sa pagiging angkop ng mga gawain sa Gabay ng Pagtuturo sa mga kasanayang pagkatutong nakapaloob sa Gabay Pangkurikulum. Dalawa sa mga batayang kakayahan ang nagkapareho ng resulta na isang daang bahagdan o labing-isang kalahok ang – *Paglinang ng Talasalitaan* at *Pagsasalita* tumugon dito. Ang *Pagsulat* ay naituos sa pitumpung bahagdan o anim na kalahok samantalang ang *Panonood* naman ay naituos sa animnapu't apat na bahagdan o anim na kalahok. Hindi nagkalayo ang bahagdang nakuha ng dalawang batayang kakayahang *Pag-unawa sa Napakinggan* na may apatnapu't walong bahagdan o apat na kalahok at *Wika at Gramatika* na may apatnapu't limang bahagdan o apat na kalahok. Nakakuha ng pinakamababang bahagdan ang *Pag-unawa sa Binasa* na may dalawampu't apat na bahagdan o dalawang kalahok.

Talahanayan 7
Resulta sa Pagsusuri sa mga Akdang Pampantikan (Lunsaran)
Angkop ba ang mga gawain sa Gabay ng Pagtuturo (Ikatlong Markahan)
sa mga Kasanayang Pagkatuto sa Gabay Pangkurikulum?



Sa kabuuan ng pagsusuri sa mga gawaing nakapaloob sa Gabay ng Pagtuturo kung ang mga ito ay nakaangkla sa mga kasanayan sa pagkatuto sa Gabay ng Pangkurikulum, inilalahad sa tugon ng mga guro na ang batayang kakayahan na *Pag-unawa sa Binasa* ang may pinakamataas na nakuhang bahagdan na pitumpu't anim na bahagdan o pitong kalahok ang sumang-ayon dito. Ibig sabihin ang mga gawain sa batayang kakayahang ito ay angkop sa mga kasanayang pampagkatuto. Kung gayon ay maaaring matatamo ng mga mag-aaral ang mga kasanayang ito at matutuhan ang mga araling nakapaloob dito. Samantala, nakakuha naman ng limampu't apat na bahagdan o limang kalahok ang *Paglinang ng Talasalitaan* na malapit sa naging resulta ng *Pag-unawa sa Napakinggan* na limampu't dalawang bahagdan o limang kalahok at sa batayang kakayahang *Pagsasalita* na nagtamo ng apatnapu't walong bahagdan o apat na kalahok. Naituos naman sa tatlumpu't apat na bahagdan o tatlong kalahok ang *Pagsulat.* Nalalapit ang naging resulta sa dalawang batayang kakayahan na *Wika at Gramatika* na nakakuha ng dalawampu't isang bahagdan o dalawang kalahok at ang *Panonood* naman ay mayroong bahagdan na dalawampu o dalawang kalahok. Ang pinakamababa sa lahat ay ang *Estratehiya sa Pag-aaral* na nagtamo ng labing-anim na bahagdan o isang kalahok ang tumugon dito. Kitang-kita sa mga naging tugon ng mga guro na marami sa mga gawain sa Gabay ng Pagtuturo ay hindi angkop sa mga kasanayang pampagkatuto na nakapaloob sa Gabay Pangkurikulum.

Sa tugon naman ng mga gurong nagsabing hindi angkop ang mga gawaing nakapaloob sa Gabay ng Pagtuturo mula Unang Markahan hanggang Ikatlong Markahan, ang batayang kakayahang *Estratehiya sa Pag-aaral* ang nakakuha ng pinakamataas na bahagdan na walumpu't apat na bahagdan o walong kalahok ang nagsabi nito. Halos magkapareho ang nakuhang resulta ng *Panonood* na may walumpung bahagdan o pitong kalahok at *Wika at Gramatika* na may pitumpu't siyam na bahagdan o pitong kalahok. Ang *Pagsulat* naman ay naituos sa animnapu't anim na bahagdan o anim na kalahok. Ang tatlong batayang kakayahang natira ay hindi nagkalayo ng mga nakuhang resulta ang – *Pagsasalita* na may

limampu't dalawang bahagdan o limang kalahok, ang *Pag-unawa sa Napakinggan* na may apatnapu't walong bahagdan o apat na kalahok at ang *Paglinang ng Talasalitaan* na may apatnapu't anim na bahagdan o apat na kalahok.



Mga Lunsaran at mga Gawain sa Gabay ng Pagtuturo: Iba Pang Nakita sa Pagsusuri

Inilahad sa mga tugon ng mga guro na may mga lunsaran sa Gabay ng Pagtuturo na nakahanay sa mga kasanayan sa Gabay Pangkurikulum ngunit ipinakikita rin na may mga kasanayan na hindi nakaangkla sa mga ginagamit nilang lunsaran sa kanilang pagtuturo. Ang mga lunsarang ito ay kanilang binabago upang maging angkop sa mga kasanayang nakapaloob sa Gabay Pangkurikulum. Sila rin ay lumilikha ng mga lunsarang aakma sa mga kasanayang hinihingi sa kanilang ginagamit na plano ng pagkatuto. Batay rin sa kanila, kailangang mapalitan na rin ang ilang lunsaran sa Gabay ng Pagtuturo na naaayon sa kasalukuyang lagay, pag-uugali, estilo at pangangailangan ng mga itinuturing na milenyong mag-aaral.

Sa mga gawain namang nakapaloob sa Gabay ng Pagtuturo, nasuri ng mga guro na may mga gawain na angkop sa mga kasanayan sa Gabay Pangkurikulum. May mga gawain din na hindi nakahanay sa mga kasanayan kaya ayon sa kanila ay nararapat lamang na ayusin o palitan. Napansin din nilang walang gawaing nakapaloob sa Gabay ng Pagtuturo na aakma sa mga kasanayan sa Gabay Pangkurikulum. May mga nakapaloob na lunsaran sa Gabay ng Pagtuturo ngunit wala namang kasanayang matatagpuan sa Gabay Pangkurikulum tulad ng *"Ang Katamaran ng mga Pilipino"* ni Dr. Jose P. Rizal na nakapaloob sa mga lunsaran

sa Unang Markahan at *"Sinag sa Karimlan"* ni Dionisio S. Salazar naman sa Ikalawang Markahan.

May mga paksa rin sa gramatika na nakapaloob sa Gabay ng Pagtuturo na iba ang nakalagay sa Gabay Pangkurikulum o hindi nakahanay sa mga paksa sa Panitikan. Sa Unang Markahan, Pang-abay na Pamanahon at Panlunan ang aralin sa Gabay Pangkurikulum sa halip na Sanhi at Bunga ng mga Pangyayari na nakapaloob sa Gabay ng Pagtuturo. Sa Unang Markahan din nakita na Sanhi at Bunga ng mga Pangyayari ang aralin sa Gabay Pangkurikulum sa halip na Pang-abay na Pamaraan na nakapaloob sa Gabay ng Pagtuturo. Sa Ikalawang Markahan, Mga Pahayag ng Pagsang-ayon at Pagsalungat ang aralin sa Gabay Pangkurikulum sa halip na Katotohanan o Opinyon na nakapaloob sa Gabay ng Pagtuturo. Makikita rin ang aralin sa Gabay Pangkurikulum sa Ikalawang Markahan ay Aspekto ng Pandiwa sa halip na Kaantasan ng Pag-uri na nakapaloob sa Gabay ng Pagtuturo Sa Ikalawang Markahan, Kaantasan ng Pang-uri ang aralin sa Gabay Pangkurikulum sa halip na Kayarian ng Pang-uri na nakapaloob sa Gabay ng Pagtuturo. Matatagpuan din sa Gabay Pangkurikulum sa Ikalawang Markahan na ang aralin ay Kaantasan ng Pang-uri ang aralin sa halip na Aspekto ng Pandiwa na nakapaloob sa Gabay ng Pagtuturo.

Walang lunsarang nakapaloob sa Gabay ng Pagtuturo sa unang aralin sa Ikalawang Markahan. Makikita sa Gabay Pangkurikulum na ang unang aralin para rito ay ang tula.

Mga Lunsaran Hindi Nakaangkla at Mga Gawaing Hindi Angkop: Epekto Nito sa Pagkatuto ng mga Mag-aaral

Kasama sa pagpaplano ng guro sa kanyang pagtuturo ay ang paghahanda niya sa gagamiting lunsaran at mga gawain ng kanyang mga mag-aaral. Nararapat lamang na ang mga ito ay angkop sa kasanayang kailangang linangin upang makamit ng mga mag-aaral ang inaasahang pagkatuto sa araw na iyon.

Sa naging tugon ng mga guro, ipinakitang may mga lunsarang hindi nakaangkla at mga gawain sa Gabay ng Pagkatuto na hindi angkop sa mga kasanayan sa pagkatuto sa Gabay Pangkurikulum.

Pagkalito at Pagkagulo sa Pagsasagawa ng mga Gawain at Kasanayan. Sa pagbuo pa lamang ng guro ng kanyang Plano ng Pagkatuto na kanyang gagamitin sa klase, isinasaalang na niya ang mga lunsaran at mga gawain. Kung kanyang mapapansin na ang mga ito ay hindi nakahanay at hindi angkop sa mga kasanayang pagkatuto, tiyak lamang na malilito at maguguluhan siya kung paano niya ito sa maisasagawa sa kanyang pagtuturo.

Hindi Nakakamit ang mga Kasanayan sa Pagkatuto. Ang pinakaimportante sa pagtuturo ng isang guro ay matamo ng kanyang mga mag-aaral ang mga kasanayan sa pagkatuto na kanyang ginagamit sa Plano ng Pagkatuto. May mga guro na nagsabing kapag hindi

nakaangkla ang mga lunsaran at hindi akma ang mga gawain, hindi makakamit ng mga mag-aaral ang mga kasanayan sa pagkatuto na kailangan niyang linangin.

Mabuti o Masamang Epektong Dulot sa Mag-aaral*.* Ang mga lunsaran at mga gawaing inihanda ng guro sa kanyang pagtuturo ay maaaring makapagdulot nang mabuti o masamang epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral kung ang mga ito ay hindi nakaangklaa sa mga kasanayang nakapaloob sa Gabay Pangkurikulum.

Nabuong Pamantayan sa Pagpili ng mga Angkop na Lunsaran at Gawain sa Pagtuturo ng Filipino 8

Mula sa pagsusuri at kasagutan ng mga guro sa isinagawang pag-aaral, nakabuo ng pamantayan na magiging batayan sa pagpili ng mga guro ng mga angkop na lunsaran at gawain sa kanilang pagtuturo ng Filipino 8.

Pagkakahanay ng Lunsaran at Gawain sa mga Kasanayan at Paksang Tatalakayin. Sa paghahanda ng guro sa gagamiting Plano ng Pagkatuto, unang-una niyang isasaalang-alang ang mga lunsaran at gawaing kailangan niya sa paksa o araling tatalakayin. Kinakailangang ang mga ito ay nakahanay sa mga kasanayan mula sa Gabay Pangkurikulum.

Pagsasaalang-alang sa Kakayahan, Estilo sa Pagkatuto at Talento ng mga Mag-aaral. Isa pa sa isinaalang-alang ng guro sa kanyang pagtuturo ay ang pinakasentro ng pagkatuto – ang mga mag-aaral. Kailangang alamin niya ang mga kakayahan ng mga mag-aaral at ang estilo ng kanyang pagkatuto upang maiplano niya ang kanyang pagtuturo at mga gawain.

Pagiging Kontekstwalisado ng mga Lunsaran at Gawain sa Lugar ng mga Mag-aaral. Ang mga lunsaran at gawain ay mabisa kung ang mga ito ay kontekstwalisado sa lugar ng mga mag-aaral sapagkat mas nakaaalam sila sa mga pangyayari sa akda, sa kultura at sa lugar na pinangyarihan nito sapagkat dito sila nakatira.

Pagiging Angkop ng Materyal sa Kakayahan sa Pagbasa at Pag-unawa ng mga Mag-aaral. Ang mga kagamitan sa pagtuturo tulad ng mga lunsaran ay mas makabuluhan kung ang mga ito ay nakabatay sa itinakdang kasanayang pagkatuto at binuong gawain. Mas mapadadali ang pagdaraos ng klase at tiyak na makakamit ang mga kasanayan sa pagkatuto.

Pagiging Madaling Mahanap/Makita ang Materyal (Accessibility). Mas magiging magaan ang pagbuo ng mga kagamitan sa pagtuturo kung ang mga materyal na gagamitin ng guro ay madaling mahanap o makita.

Bilang paglalagom sa mga pagsusuri ng mga guro sa Filipino 8, magkakaiba ang naging bunga ng pagsusuri kung nakaangkla o di nakaangkla ang mga lunsaran at mga gawaing nakalaan sa mga aralin mula sa una hanggang ikatlong markahan. Subalit, pinatutunayan na rin ng mga datos kung aling mga kasanayan ang higit na mababa ang antas ng pagkakaugnayan. Ang hindi pagkakaugnay ng mga lunsaran at mga gawain sa Gabay Pangkurikulum ay nagdudulot ng kalituhan sa mga guro, hindi pagtatamo ng mga kasanayang nakalaan sa markahan at maaaring magbunga nang mabuti o masamang dulot sa mga mag-aaral. Sa tulong ng pagsusuring ito, nakalikha ng mga pamantayan sa pagpili ng mga angkop na lunsaran at gawain sa pagtuturo ng aralin na dapat ay pagtuunan nang pansin upang maitawid nang epektibo ang mga gawaing pagtuturo at pagkatuto.

PAGTALAKAY

Isa ang edukasyon sa mahahalagang sektor sa isang bansa. Ang kahalagahan ng edukasyon ay nakasalalay sa kaalaman na makukuha sa pagbabasa ng mga libro samantalang ang ilan ay naniniwala na ang pangkalahatang karanasan sa pag-aaral ay mahalaga.

Ayon kay Campbell (2006), ang edukasyon ay may mahalagang papel sa isang produktibo at magandang pamumuhay. Ito ay nagpapabuti sa halaga at kahusayan ng buhay ng isang tao. Tumutulong din ito upang tayo ay magkaroon ng tiwala sa sarili at makapagbigay ng mga bagay na kailangan natin upang makibahagi sa mundo ngayon. Tayo ay nagiging higit na malaya at maalam sa nangyayari sa mundo. Kasama na rito ang kamalayan natin sa ating mga oportunidad at karapatan. Nag-aalok ito nang mas malaking pag-unawa sa kakayahan at potensyal ng bawat isa.

Ang guro ay kasangga ng edukasyon upang matamo ng isang mag-aaral ang kanyang pagkatuto sa loob ng silid-aralan. Maraming salik ang isinasaalang-alang ng guro upang maging epektibo ang kanyang pagtuturo. Isa sa mga ito ang pagkamit ng mga kasanayang pagkatuto sa tulong ng mga lunsaran at gawain mula sa kanyang Plano ng Pagkatuto.

Ayon sa Merriam-Webster, ang kasanayan ay ang kakayahang gamitin ang kaalaman ng isang tao nang epektibo at madali sa pagpapatupad o pagganap nito. Upang matamo ang mga kasanayan, katulong dito ang mga lunsaran at mga gawaing nakapaloob sa Plano ng Pagkatuto ng guro. Ang mga lunsaran ay mga bagay na tumutulong sa guro sa paglulunsad ng aralin at mga gawain niya sa klase. Ayon kay Bagon-Faeldan (2009), ang mga lunsaran ay magsisilbing pagganyak upang kalugdan ng mga mag-aaral ang liksiyong itinuturo ng guro. Sa paglalahad ng bagong aralin, ang guro ay kailangang gumawa ng paraan upang maging buhay, mabunga at matagumpay ang kanyang pagkaklase.

Bago pa man nabuo ang Gabay Pangkurikulum, may mga kasanayan na noon na ginagamit sa pagtuturo ng Filipino na tinatawag na makrong kasanayan. Upang maging

maayos at mabisa ang pakikipagkomunikasyon ng isang tao, dapat ay paghusayan at paunlarin niya ang kanyang kasanayang pangwika. Kabilang sa mga makrong kasanayan ang Pakikinig, Pagsasalita, Pagbasa at Pagsulat. Ang mga ito ay naunang ginamit ng mga guro sa paglinang ng mga kakayahan ng mga mag-aaral. Sa paglipas ng panahon, idinagdag sa mga kasanayang ito ang Panonood.

Sa kasalukuyang panahon batay sa Gabay Pangkurikulum na ipinamigay at nagsisilbing bibliya ng mga guro sa kanilang pagtuturo, may walong batayang kakayahang nakapaloob rito ang ***– Pag-unawa sa Binasa, Pag-unawa sa Napakinggan, Paglinang ng Talasalitaan, Pagsulat, Pagsasalita, Panonood, Wika at Gramatika at Estratehiya sa Pag-aaral.***
Sa susunod na talataan at pagtalakay ay muling susulyapan ang tuon ng pag-aaral. Nakaangkla ba o hindi ang mga lunsaran sa Gabay Pangkurilum?

Malaki ang porsiyentong nakuha ng batayang kakayahang ***Paglinang ng Talasalitaan*** mula sa **Talahanayan 1** na naituos sa siyamnapu't anim na bahagdan o siyam na kalahok ang nagsabing ang mga lunsaran at mga gawain sa Unang Markahan ay angkop para sa mga kasanayang pampagkatuto para rito. Pinatutunayan ito ng mga gawain mula sa mga lunsarang***"Pag-ibig sa Tinubuang Lupa*** at "***Mina ng Ginto – Alamat ng Baguio".***
Halimbawa ang mga sumusunod:

Kasanayan sa Pagkatuto: Naibibigay ang kahulugan ng matatalinghagang pahayag sa alamat **(F8PT-Id-f-20)**

GAWAIN 1.1.2.e: **PAGLINANG NG TALASALITAAN**

Suriin ang mga salitang nakahilig sa loob ng pangungusap. Bigyan ng kahulugan ayon sa pagkakagamit sa akda. Isulat sa papel ang mga sagot.

1. Taon-taon ay nagdaraos sila ng *caῆao* bilang parangal sa kanilang mga anito.
   Kahulugan - _____
2. Noong panahong iyon, ang mga Igorot ay naniniwala sa iba't ibang *anito.*
   Kahulugan - _____
3. Maibigin sila sa kapwa at may takot sila sa kanilang *bathala.*
   Kahulugan - _____
4. Siya'y bumalik sa nayon at nakipagkita sa matatandang *pantas.*
   Kahulugan - _____
5. Marahil, ang ibong iyon ay ang *sugo* ng ating bathala.
   Kahulugan - _____

Kasanayan sa Pagkatuto: Nabibigyang-kahulugan ang mga talinghagang ginamit **(F8PT-Ia-c-19)**

GAWAIN 1.2.2.a: **PAGLINANG NG TALASALITAAN**

Upang higit mong maunawaan ang tula, bigyang-kahulugan ang ilang mahihirap na salitang ginamit ng may akda. Hanapin ang kahulugan ng mga ito sa loob ng kahon, at isulat sa sagutang papel ang letra ng wastong sagot. Pagkatapos ay gamitin ang mga salitang ito sa pagbuo ng isang talata na may kaugnayan sa tula. Gawin sa isang buong papel.

isinisiwalat	**sakbibi**	**lumiyag**	**itigis**	**tatalikda**

a. itapon
b. umibig
c. tatalikuran
d. inilabas/ipinagsasabi
e. kaligayahan
f. matinding kalungkutan

Ang kaalaman sa bokabularyo ay mahalaga para sa tagumpay sa pagbabasa. Ang mga estudyante ay hindi maintindihan kung ano ang kanilang nabasa nang walang pag-unawa kung hindi nila amam ang ibig sabihin ng karamihan sa mga salita. Kailangan nilang maunawaan kung ano ang kanilang nabasa. (Hirsh, 2003; Dita, 2005)

Maraming mga pananaliksik ang nakumpirma na ang mahalagang papel na ginagampanan ng bokabularyo sa pagbabasa nang may pag-unawa at sa mga resulta ng kaalaman ng mga mag-aaral sa ganitong tagumpay dahil ang mga mag-aaral na may higit na kaalaman sa bokabularyo ay maaaring maunawaan ang mga bagong ideya at konsepto nang mas mabilis kaysa sa mag-aaral na may limitadong bokabularyo. Nangangahulugan ito na kung ang mga mag-aaral ay hindi nagtatagumpay sa kanilang kaalaman sa bokabularyo, maaapektuhan ang kanilang pang-unawa sa pagbabasa.

Makikita mula sa mga halimbawa na akma ang mga gawain sa Gabay ng Pagtuturo sa mga kasanayan sa pagkatuto mula sa Gabay Pangkurikulum. Ang mga lunsaran dito ay angkop na angkop na gamitin ng mga guro sa kanilang pagtuturo sapagkat makakamit nila ang kanilang mga layunin sa kanilang Plano ng Pagkatuto.

Samantala, ang batayang kakayahang ***Wika at Gramatika*** ang nakakuha ng pinakamababang porsiyento sa lahat na naituos sa animnapung bahagdan o limang kalahok ang tumugod dito. Makikita na sa tatlong lunsarang nakapaloob sa Gabay ng Pagtuturo, walang mga gawaing nakapaloob para sa batayang kakayahang ito. Ang mga lunsarang nabanggit ay ang **"Sa Aking Mga Kabata", "Pag-ibig sa Tinubuang Lupa",** at ***"Mina ng Ginto – Alamat ng Baguio".*** Makikita rin na iba ang paksang nakapaloob sa Gabay ng Pagtuturo kung ihahambing sa nakalagay sa Gabay Pangkurikulum para sa mga lunsarang ***"Si Tuwaang at ang Dalaga ng Buhong na Langit"*** (Epiko) at ***"Uhaw ang Tigang na Lupa"*** (Maikling Kuwento). Kasama ng aralin sa **Panitikan** na ***Epiko*** ang aralin sa **Wika** na ***Pang-abay na Pamaraan*** sa Gabay ng Pagtuturo ngunit ang nakapaloob sa Gabay ng

Pangkurikulum ay ***Mga Hudyat ng Sanhi at Bunga ng mga Pangyayari*** ang makikita sa mga kasanayan sa pagkatuto para sa batayang kakayahang **Wika at Gramatika.** Ang aralin naman sa Panitikan na ***Maikling Kuwento*** ay kasama ang aralin sa **Wika** na ***Sanhi at Bunga*** ngunit ang aralin na nakapaloob sa Gabay Pangkurikulum ay ***Pang-abay na Pamanahon*** at ***Pang-abay na Panlunan.*** Ito ay mapatutunayan ng mga sumusunod:

Mga Aralin mula sa Gabay ng Pagtututo

Aralin 1.1 – Ang Panitikan sa Panahon ng mga Katutubo

Aralin 1.1.1 : a. Panitikan: Karunungang - bayan (Salawikain, Sawikain at Kasabihan)

b. Wika: Dalawang Uri ng Paghahambing

Aralin 1.1.2 : a. Panitikan: Alamat
"Mina ng Ginto" - Alamat ng Baguio

b. Wika: Pang-abay na Pamanahon at Panlunan

Aralin 1.1.3 : a. Panitikan: Epiko
"Tuwaang" – Epiko ng mga Bagobo

b. Wika: Pang-abay na Pamaraan

Gabay Pangkurikulum
K to 12 Basic Education Curriculum
Mga Kasanayang Pagkatuto sa Bawat Domain

Pag-unawa sa Napaking-gan (PN)	Pag-unawa sa Binasa (PB)	Paglinang ng Talasalitaan (PT)	Panonood (PD)	Pagsasalita (PS)	Pagsulat (PU)	Wika at Gramatika (WG)	Estratehiya sa Pag-aaral (EP)
Epiko (7 sesyon) **F8PN-Ig-h-22** Nakikinig nang may pag-unawa upang : - mailahad ang layunin ng napa-kinggan - maipali-wanag ang pagkaka ugnay-ugnay ng mga pangyayari	**F8PB-Ig-h-24** Napauunlad ang kakaya-hang umuna-wa sa binasa sa pamamagita n ng: - paghi-hinuha batay sa mga ideya o pangya yari sa akda -dating kaala-man kaugnay sa binasa	**F8PT-Ig-h-21** Nakikilala ang kahulugan ng mga piling salita/ pariralang ginamit sa akdang epiko ayon sa: -kasing - kahulugan at kasalungat na kahulugan -talinghaga	**F8PD-Ig-h-21** Nauuri ang mga pangyaya-ring may sanhi at bunga mula sa napanood na video clip ng isang balita	**F8PS-Ig-h-22** Nagagamit ang iba't ibang teknik sa pagpapala-wak ng paksa: -paghaha-wig o pagtutulad -pagbibigay depinisyon -pagsusuri	**F8PU-Ig-h-22** Naisusu-lat ang talatang: -binubuo ng magkakaugn ay at maayos na mga pangu-ngusap - nagpa pahayag ng sariling palagay o kaisipan -nagpa-pakita ng simula, gitna, wakas	**F8WG-Ig-h-22** Nagagamit ang mga hudyat ng sanhi at bunga ng mga pangyayari (dahil, sapagkat, kaya)	Epiko (7 sesyon) **F8PN-Ig-h-22** Nakikinig nang may pag-unawa upang : - mailahad ang layunin ng napaking-gan -maipali-wanag ang pagkakaugnay-ugnay ng mga pangyayari

Mga Aralin mula sa Gabay ng Pagtuturo

Aralin 1.3 – Ang Panitikan sa Panahon ng mga Hapon

Aralin 1.3.1 : a. Panitikan: Tanaga at Haiku

b. Wika: Mga Pangungusap na Walang Paksa

Aralin 1.3.2 : a. Panitikan: Maikling Kuwento
"Uhaw ang Tigang na Lupa" ni Liwayway Arceo

b. Wika: Sanhi at Bunga ng mga Pangyayari

35

Gabay Pangkurikulum
K to 12 Basic Education Curriculum
Mga Kasanayang Pagkatuto sa Bawat Domain

Pag-unawa sa Napaking-gan (PN)	Pag-unawa sa Binasa (PB)	Paglinang ng Talasalitaan (PT)	Panonood (PD)	Pagsasalita (PS)	Pagsulat (PU)	Wika at Gramatika (WG)	Estratehiya sa Pag-aaral (EP)
Alamat/ Maikling Kuwento (6 na sesyon) **F8PN-Id-f-21** Nailalahad ang sariling pananaw sa pagiging makatotohanan/ di-makatoto-hanan ng mga puntong binibigyang diin sa napaking-gan	**F8PB-Id-f-23** Nasusuri ang pagka-kabuo ng alamat batay sa mga elemen-to nito	**F8PT-Id-f-20** Naibibigay ang kahulugan ng mata-talingha-gang pahayag sa alamat	**F8PD-Id-f-20** Nasusuri ang pagkaka-tulad at pagkaka-iba ng napanood na alamat sa binasang alamat	**F8PS-Id-f-21** Nabubuo ang angkop na pagpa-pasiya sa isang sitwasyon gamit ang: -pamanta-yang pansarili	**F8PU-Id-f-21** Nakasu-sulat ng sariling alamat tungkol sa mga bagay na maaaring ihambing sa sarili	**F8PN-Id-f-21** Nagagamit nang wasto ang mga kaalaman sa pang-abay na pamana-hon at panlunan	Alamat/ Maikling Kuwento (6 na sesyon) **F8PN-Id-f-21** Nailalahad ang sariling pananaw sa pagiging makatoto-hanan/ di-makatoto-hanan ng mga puntong binibigyang diin sa napaking-gan

Napakahalaga ng wika sa isang bansa sapagkat nagsisilbing tulay ito sa pagkakaunawaan at pagkakaisa. Ayon kay Galang na binanggit ni Lalunio (2004), ito ang kaluluwa ng bayan, tagapamansag ng kultura, tagapamahayag ng mithiin, pangarap at adhikain ng mga mamamayan. Dagdag pa niya sa pag-aaral ng wika masasalamin ang pinagdaanang kasaysayan. Naniniwala ang mga eksperto sa wika na ang pagkakaroon ng pangkahalatang kahusayan sa paggamit ng wika ay magsisilbing kasangkapan hindi lamang sa epektibong komunikasyon, interaksyon at pakikipaghatirang diwa kundi gayundin naman sa pag-aangkin ng mabisang kasangkapan sa pag-aaral at pagkatuto at kasanayan sa wika.

Sa pagsusuri sa mga lunsaran sa Ikalawang Markahan, nakakuha ng pinakamataas na porsiyento sa **Talahanayan 2** ang dalawang batayang kakayahang ***Pag-unawa sa Binasa***

at ***Paglinang ng Talasalitaan*** na nakakuha ng walumpu't walong bahagdan o walong kalahok ang nagpahayag nito. Pinatutunayan ito ng mga nakatulong na angkop na gawain mula sa mga lunsarang ***"Bulaklak ng Lahing Kalinis-linisan"*** at **"Walang Sugat"** para sa batayang kakayahang ***Pag-unawa sa Binasa.***
Halimbawa ang mga sumusunod:

Kasanayan sa Pagkatuto: Naibibigay ang opinyon at katuwiran tungkol sa paksa ng Balagtasan **(F8PB-IIc-d-25)**

GAWAIN 2.1.1.e: **Sa Antas ng Iyong Pag-unawa**
Sa iyong pagsusuri sa *Bulaklak ng Lahing Kalinis-linisan,* kaninong panig ang matuwid at dapat na panigan? Bakit?

Mapapansin mula sa isa sa mga katanungan sa mga gawain sa Gabay ng Pagtuturo na ito ay angkop sa kasanayan sa pagkatuto sa Gabay Pangkurikulum. Makapagbibigay ng sariling opinyon at katwiran ang isang mag-aaral kung kanino siya papanig sa mga mambabalagtas. Ibig sabihin, ang kasanayang ito ay makakamit ng mag-aaral.

Kasanayan sa Pagkatuto: Naipahahayag ang pangangatuwiran sa napiling alternatibong solusyon o proposisyon sa suliraning inilahad sa tekstong binasa **(F8PB-IIe-f-25)**

GAWAIN 2.1.1.j: **Sa Antas ng Iyong Pag-unawa**
Tama ba ang ginawa ng ina ni Julia na ipagkasundo nito ang anak sa isang lalaking mayaman ? Kung ikaw ang nasa sitwasyon ni Julia, papayag ka ba sa pasiya ng iyong ina? Bakit?

Sa gawain namang ito, magbibigay ng maaaring solusyon ang mag-aaral sa problemang inilahad sa kanilang binasa sarswelang ***Walang Sugat.*** Maipapakita ng mag-aaral ang kanilang kagalingan sa pagpapahayag ng kanilang saloobin sa pagharap sa isang suliranin batay sa paksang inilhad sa teksto.

Sa bahagi naman ng batayang kakayahang ***Paglinang ng Talasalitaan,*** makikita sa mga sumusunod na gawain na akma ang mga ito sa nasabing **kasanayan** sa pagkatuto sa lunsarang nakapaloob sa Gabay ng Pagtuturo na ***"Bulaklak ng Lahing Kalinis-linisan"*** at ***"Lupang Tinubuan".***
Halimbawa ang mga sumusunod:

Kasanayan sa Pagkatuto: Naipaliliwanag ang mga eupimistiko o masining na pahayag na ginamit sa balagtasan **(F8PT-IIc-d-24)**

GAWAIN 2.1.1.d: **Hanap-Salita**

Piliin sa **Hanay B** ang nais ipahiwatig ng mga pariralang nasa **Hanay A.** Isulat lamang ang letra ng mapipiling sagot at pagkatapos gamitin ito sa pangungusap. Isulat sa sagutang papel ang sagot.



38

Kasanayan sa Pagkatuto: Nabibigyang kahulugan ang mga simbolo at pahiwatig na ginamitsa akda **(F8PT-IIg-h-27)**

GAWAIN 2.2.d: **Paglinang ng Talasalitaan**

Ibigay ang kahulugan ng sumusunod na salita. Pagkatapos, ibigay kung anong bahagi ng pananalita ito, at gamitin sa pangungusap ang mga ibinigay na kahulugan.

Salita mula sa aralin	**Kahulugan**	**Bahagi ng Panalita**	**Pangungusap**
pinagmuni-muni			
agaw-dilim			
piping panangis			
sumasalunga			
makadurog-puso			

Ang mga ipinakitang halimbawa ay nagpapatunay lamang na magkaugnay ang mga kasanayan sa pagkatuto sa mga gawaing nakapaloob sa Gabay ng Pagtuturo. Kung gayon maaaring makamit ng mga mag-aaral ang kasanayang kailangan nilang linangin.

Ayon kay Carlos et.al, (na binanggit ni Garcia, 2011), itinuturing ang pagbasa na isang kasanayang pangwika na nagsisimula sa pagkilala sa mga nakalimbag na simbolo. Isa itong

gawaing pangkaisipan na ang tunguhin ay makikilala, mabigyang pagpapakahulugan at mataya ang isinusulat ng may-akda. Nang dahil sa pagbasa ay nalalaman ang gustong ipakahulugan ng mga may-akda sa mga mambabasa.

Ang mahalagang papel na ginagampanan ng bokabularyo sa pagbabasa nang may pag-unawa ay may kaugnayan sa kung ang mga mag-aaral ay madalas na nahihirapan sa ilan o lahat ng anyo ng mga problemang ito sa pag-unawa; kahirapan sa pagmamanman ng kanilang sariling pagkaunawa habang nagbabasa, nahihirapan sa pag-unawa ng di-pamilyar na nilalaman, kahirapan sa pag-unawa ng mga pinasadyang mga termino at mga konsepto at kahirapan sa pag-iisip ng mga pamilyar na mga salita na ginamit sa dalubhasa o hindi pangkaraniwang paraan. Ayon kay Heller at Greenleaf (2007), pagkatapos ng ika-5 baitang, ang pagbabasa ay nagiging mas mahaba, mas kumplikado at mas buo ang konteksto. Ito ay may iba-ibang bokabularyo, estraktura ng teksto, layunin at estilo.

Sa nakakuha naman ng mababang resulta sa mga batayang kakayahan sa Ikalawang Markahan, ito ay nagmula sa ***Wika at Gramatika*** na may animnapu't anim na bahagdan o anim na kalahok at ***Estratehiya sa Pag-aaral*** na naituos sa animnapu't limang bahagdan o anim na kalahok. Pinatutunayan ito na hindi naging akma ang mga lunsaran at gawain sapagkat iba ang mga paksang nakapaloob sa Gabay ng Pagtuturo sa mga apat na lunsaran dito. Nakalagay sa Gabay ng Pagtuturo ang mga lunsarang ***"Bulaklak ng Lahing Kalinis-linisan"*** (Balagtasan), ***"Walang Sugat"*** (Sarswela), ***"Lupang Tinubuan"*** at ***"Ang Paglalayag sa Puso ng Isang Bata"*** (Maikling Kuwento). Kasama ng aralin sa **Panitikan** na ***Balagtasan*** ang aralin sa **Wika** na ***Katotohanan o Opinyon*** sa Gabay ng Pagtuturo ngunit ang nakapaloob sa Gabay ng Pangkurikulum ay ***Mga Pahayag ng Pagsang-ayon at Pagsalungat*** ang makikita sa mga kasanayan sa pagkatuto para sa batayang kakayahang **Wika at Gramatika.** Ang aralin naman sa Panitikan na ***Sarswela*** ay kasama ang aralin sa **Wika** na ***Kaantasan ng Pang-uri*** sa Gabay ng Pagtuturo ngunit ang aralin na nakapaloob sa Gabay Pangkurikulum ay ***Aspekto ng Pandiwa.*** Samantala, ang aralin sa Panitikan na ***Maikling Kuwento*** ay kasama ang aralin sa **Wika** na ***Kayarian ng Pang-uri*** subalit ang aralin na ***Kaantasan ng Pang-uri*** ang nakapaloob sa Gabay Pangkurikulum. Gayundin ang isa pang aralin sa Panitikan na ***Maikling Kuwento*** ay kasama ang aralin sa **Wika** na ***Aspekto ng Pandiwa*** pero ang aralin na ***Kaantasan ng Pang-uri*** ang nakapaloob sa Gabay Pangkurikulum. Ito ay mapatutunayan ng mga sumusunod:

Mga Aralin sa Gabay ng Pagtuturo

Aralin 2. 1: Ang Panitikan sa Panahon ng Amerikano

Aralin 2.1.1: a. Panitikan: Balagtasan
"Bulaklak ng Lahing Kalinis-linisan"
ni Jose Corazon de Jesus

b. Wika: Opinyon o Katotohanan

Gabay Pangkurikulum
K to 12 Basic Education Curriculum
Mga Kasanayang Pagkatuto sa Bawat Domain

Pag-unawa sa Napaking-gan (PN)	Pag-unawa sa Binasa (PB)	Paglinang ng Talasalitaan (PT)	Panonood (PD)	Pagsasalita (PS)	Pagsulat (PU)	Wika at Gramatika (WG)	Estratehiya sa Pag-aaral (EP)
Balagtasan (8 sesyon) **F8PN-IIc-d-24** Nabubuo ang mga makabuluhang tanong batay sa napakinggan	**F8PB-IIc-d-25** Naibibigay ang opinyon at katuwiran tungkol sa paksa ng balagtasan	**F8PT-IIc-d-24** Naipaliliwanag ang mga eupimistiko o masining na pahayag na ginamit sa balagtasan	**F8PD-IIc-d-24** Naipaliliwanag ang papel na ginagampanan ng bawat kalahok sa napanood na balagtasan	**F8PS-IIc-d-25** Nangangatuwi-ranan nang maayos at mabisa tungkol sa iba't ibang sitwasyon	**F8PU-IIc-d-25** Naipakikita ang kasanayan sa pagsulat ng isang tiyak na uri ng paglalahad na may pagsang-ayon at pagsalungat	**F8WG-IIc-d-25** Nagagamit ang mga hudyat ng pagsang-ayon at pagsalungat sa paghahayag ng opinyon	

40

Mga Aralin sa Gabay ng Pagtuturo

Aralin 2.1.2: a. Panitikan: Sarsuwela
"Walang Sugat" ni Severino Reyes

b. Wika: Kaantasan ng Pang-uri

Gabay Pangkurikulum

K to 12 Basic Education Curriculum
Mga Kasanayang Pagkatuto sa Bawat Domain

Pag-unawa sa Napaking-gan (PN)	Pag-unawa sa Binasa (PB)	Paglinang ng Talasalitaan (PT)	Panonood (PD)	Pagsasalita (PS)	Pagsulat (PU)	Wika at Gramatika (WG)	Estratehiya sa Pag-aaral (EP)
Sarswela (8 sesyon) **F8PN-IIe-f-25** Naisasalay-say ang magkaka-ugnay na pangyayari sa napa-kinggan	**F8PB-IIe-f-25** Naipaha-hayag ang panga-ngatu-wiran sa napiling alterna-	**F8PT-IIe-f-25** Naibibigay ang kasing-kahulugan at kasalungat na kahulugan ng mahihirap na salitang ginamit sa akda	**F8PD-IIe-f-25** Napaha-halagahan ang kulturang Pilipino na masasalamin sa pinanood na sarsuwela	**F8PS-IIe-f-26** Naitatang-hal ang ilang bahagi ng alinmang sarsuwe-lang nabasa, napanood o napaking-gan	**F8PU-IIe-f-26** Nasusuri nang pasulat ang papel na ginagampana n ng sarsu-wela sa pagpapa-taas ng kamala-	**F8WG-IIe-f-26** Nagagamit ang iba't ibang aspekto ng pandiwa sa isasagawang pagsusuri ng sarsuwela	**F8EP-IIe-f-9** Naisasa-gawa ang sistemati-kong pananalik-sik tungkol sa paksa gamit ang iba't ibang batis ng impormas-yon resorses

	tibong solusyon o propo-sisyon sa suli-raning inilahad sa tekstong binasa				yan ng mga Pilipino sa kultura ng iba't ibang rehiyon sa bansa		

Mga Aralin sa Gabay ng Pagtuturo

Aralin 2.2.2: a. Panitikan: Maikling Kuwento
"Lupang Tinubuan" ni Narciso G. Reyes

b. Wika: Kayarian ng Pang-uri

Aralin 2.3.1: a. Panitikan : Maikling Kuwento
"Ang Paglalayag sa Puso ng Isang Bata"
ni Genoveva Edroza Matute

b. Wika: Aspekto ng Pandiwa

Gabay Pangkurikulum
K to 12 Basic Education Curriculum
Mga Kasanayang Pagkatuto sa Bawat Domain

Pag-unawa sa Napaking-gan (PN)	Pag-unawa sa Binasa (PB)	Paglinang ng Talasalitaan (PT)	Panonood (PD)	Pagsasalita (PS)	Pagsulat (PU)	Wika at Gramatika (WG)	Estratehiya sa Pag-aaral (EP)
Maikling Kuwento (7 sesyon) **F8PN-IIg-h-26** Nabibig-yang-katangian ang mga tauhan batay sa napaking-gang paraan ng kanilang pananalita	**F8PB-IIg-h-27** Naiuug-nay ang mga kaisipan sa akda sa mga kagana-pan sa sarili, lipunan, at daigdig	**F8PT-IIg-h-27** Nabibigyang kahulugan ang mga simbolo at pahiwatig na ginamit sa akda	**F8PD-IIg-h-27** Nasusuri ang katangian ng tauhan batay sa itinanghal na monologo na nakabatay sa ilang bahagi ng maikling kuwento	**F8PS-IIg-h-28** Naipaliliwa-nag ang sariling kaisipan at pananaw nang malinaw at makabulu-han	**F8PU-IIg-h-28** Pasulat na wawakasan ang maikling kuwento sa pag-bubuod o pagbibi-gay ng makabu-luhang obserbas-yon	**F8WG-IIg-h-28** Nabibig-yang-katangian ang piling tauhan sa maikling kuwento gamit ang mga kaantasan ng pang-uri	**F8EP-IIg-h-10** Nakikipa-nayam sa mga taong may malawak na kaalaman at karanasan tungkol sa paksa

Makikita na iba ang paksang nakapaloob sa Gabay ng Pagtuturo kung ihahambing sa mga aralin na nakapaloob sa Gabay Pangkurikulum. Ang mga aralin sa **Wika** ay nagkapalit-palit at iba ang nakasamang aralin para sa **Panitikan.** Hindi nagkaugnay ang mga kasanayang pagkatuto sa batayang kakayahang ***Wika at Gramatika*** kaya naman ang mga ito ay hindi magagamit ng guro.

Ayon kay Zafra (2016), sa pagtuturo ng wika, idiniin ang oryentasyong lingguwistiko. May mga aralin sa *spelling, reading, writing, speaking, phonetics,* at *grammar* sa elementarya; sa antas sekundarya, may mga sabjek na *literature* at *composition*. Kahit iba't iba ang mga araling ito na mayroon sanang magkakaibang tuon, ang diin ay laging nasa pagtuturo ng kasanayan sa pagsasalita (Pefianco 1999, 228) at sa ilang panggramatikang aspekto ng wika. Sa isang tagubilin ni Dr. Fred Atkinson, ang unang *General Superintendent* ang *Department of Public Instruction,* sa pamamahala ng klase sa Baitang 2, sinabi niya:

> "Hayaang mamayani ang mga oral na gawain. Bigyan ng pansin ang gawaing pasulat. Gawin itong napakasimple, pag-iwas sa paggamit ng kumplikadong mga pangungusap. Pansinin nang mabuti ang karaniwang mga pagkakamali at magbigay ng espesyal na gawain upang itama ang mga pagkakamali na ito. Ituro ang paggamit ng mga bantas na marka tulad ng inilalarawan sa mga aralin. *(Atkinson, Education; nasa Pefianco 228; akin ang diin).*"

Sa antas sekundarya naman, idiin pa rin ang kasanayang pangwika, lalo na ang kasanayang pasalita, kahit sa mga klase ng pagbasa. Sa isang ulat pa rin ni Atkinson noong 1902, ganito ang kaniyang sinabi:

> "Una, dapat silang maturuan na magbasa; ibig sabihin, upang makakuha ng pag-iisip ng isang ang pagpili na inilagay sa harap nila, ng mga partikular na pangungusap, at ang kahulugan ng mga salita; upang bigyan ng matalinong pananalita sa parehong ayon sa angkop at tamang pagbigkas. Kinakailangan ang maraming pagbabasa nang malakas. Ito ay sinamahan ng maraming pagtatanong bilang pag-iisip ng pagpili at kahulugan ng mga partikular na salita, at sinusundan ng pasalita at pagpaparami ng mga isinusulat."
>
> (Bureau of Education 1954; nasa Pefianco 228-229, akin ang diin)"

Lumilitaw sa mga sinipi na sa pagtuturo ng wika sa elementarya at hayiskul, may diin sa pagtuturo ng mga kasanayang pangwika lalo na sa pagsasalita. Kahit sa mga klase ng pagbasa, nauuwi pa rin ang pamamaraan ng pagtuturo sa pagsasanay sa pagsasalita tulad ng pagwawasto ng pagbigkas, pagbabasa nang malakas at pagpapaulit.

Sa mga naging resulta sa Ikatlong Markahan, nakakuha ng mataas na porsiyento ang batayang kakayahang ***Wika at Gramatika*** na naituos sa walumpu't limang bahagdan o walong kalahok ang nagsabi nito na makikita sa **Talahanayan 3.** Makikita na ang aralin sa markahang ito ay angkop na angkop sa mga gawain sa Gabay ng Pagtuturo at mga kasanayang pagkatuto sa Gabay Pangkurikulum. Mapatutunayan ito ng mga sumusunod:

Mga Aralin sa Gabay ng Pagtuturo

Aralin 3.1: Kontemporaryong Panitikan Tungo sa Kultura at Panitikang Popular

a. Panitikan: Popular na Babasahin
- Pahayagan *(Tabloid)*
- Komiks
- Magasin
- Kontemporaryong Dagli

b. Wika: Antas ng Wika
- Pormal
- Di-pormal
- Balbal

Aralin 3.2: *Broadcast Media*: Mekanismo ng Pagbabago at Pag-unlad ng Kulturang Pilipino

a. Panitikan: Opinyon at Talakayang Panradyo
b. Wika: Konsepto ng Pananaw

Gabay Pangkurikulum
K to 12 Basic Education Curriculum
Mga Kasanayang Pagkatuto sa Bawat Domain

44

Pag-unawa sa Napaking-gan (PN)	Pag-unawa sa Binasa (PB)	Paglinang ng Talasalitaan (PT)	Panonood (PD)	Pagsasalita (PS)	Pagsulat (PU)	Wika at Gramatika (WG)	Estratehiya sa Pag-aaral (EP)
Popular na babasahin (8 sesyon) **F8PN-IIIa-c-28** Nabibigyang-reaksiyon ang narinig na opinyon ng kausap tungkol sa isang isyu	**F8PB-IIIa-c-29** Naihaham-bing ang tekstong binasa sa iba pang teksto batay sa: - paksa - layon - tono - pananaw - paraan ng pagkaka-sulat	**F8PT-IIIa-c-29** Nabibigyang-kahulugan ang mga lingo na ginagamit sa mundo ng multimedia	**F8PD-IIIa-c-29** Naiuugnay ang tema ng tinalakay na panitikang popular sa temang tinatalakay sa napanood na programang pantelebis-yon o video clip	**F8PS-IIIa-c-30** Nailalahad nang maayos at mabisa ang nalikom na datos sa pananaliksik	**F8PU-IIIa-c-30** Nagagamit ang iba't ibang estratehiya sa panganga-lap ng mga ideya sa pagsulat ng balita, komentaryoat iba pa	**F8WG-IIIa-c-30** Nagagamit sa iba't ibang sitwasyon ang mga salitang ginagamit sa impormal na komunikasyon (balbal, kolokyal, banyaga	

	- pagbuo ng salita - pagbuo ng talata - pagbuo ng pangungu-sap						
Kontemporar-yong Programang Panradyo (8 sesyon) **F8PN-IIId-e-29** Napag-iiba ang katotohanan (facts) sa hinuha (inferences), opinyon at personal na interpretasyon ng kausap	**F8PB-IIId-e-30** Naiisa-isa ang mga positibo at negatibong pahayag	**F8PT-IIId-e-30** Nabibigyang kahulugan ang mga salitang ginagamit sa radio broadcasting	**F8PD-IIId-e-30** Naiuugnay ang balitang napanood sa balitang napakinggan at naibibigay ang sariling opinyon tungkol sa mga ito	**F8PS-IIId-e-31** Nailalahad nang maayos at wasto ang pansariling papanaw, opinyon at saloobin	**F8PU-IIId-e-31** Naisusulat nang wasto ang isang dokumen-taryong panradyo	**F8WG-IIId-e-31** Nagagamit ang mga angkop na ekspresyon sa paghahayag ng konsepto ng pananaw (ayon, batay, sang-ayon sa, sa akala, iba pa)	

Mga Aralin sa Gabay ng Pagtuturo

a. Panitikan: Dokumentaryong Pantelebisyon
b. Wika: Mga Konseptong May Kaugnayang Lohikal

Aralin 3.3: Dokumentaryong Pampelikula: Midyum sa Pagbabagong Panlipunan

a. Panitikan: *Manoro (Ang Guro)* sa Direksiyon ni Brillante Mendoza
b. Wika: Komunikatibong Gamit ng mga Pahayag

45

Gabay Pangkurikulum
K to 12 Basic Education Curriculum
Mga Kasanayang Pagkatuto sa Bawat Domain

Pag-unawa sa Napaking-gan (PN)	Pag-unawa sa Binasa (PB)	Paglinang ng Talasalitaan (PT)	Panonood (PD)	Pagsasalita (PS)	Pagsulat (PU)	Wika at Gramatika (WG)	Estratehiya sa Pag-aaral (EP)
Kontempo-raryong Programang Pantelebisyon (8 sesyon) **F8PN-IIIe-f-30** Nailalahad sa sariling pamamaraan	**F8PB-IIIe-f-31** Nahihinuha ang paksa, layon at tono ng akdang nabasa	**F8PT-IIIe-f-31** Natutukoy ang mga tamang salita sa pagbuo ng isang puzzle na may kaugnayan sa paksa	**F8PD-IIIe-f-31** Nasusuri ang isang programang napanood sa telebisyon ayon sa itinakdang mga pamantayan	**F8PS-IIIe-f-32** Naipapahayag sa lohikal na paraan ang mga pananaw at katuwiran	**F8PU-IIIe-f-32** Nagagamit sa pagsulat ng isang dokumen-taryong pantelebis-	**F8WG-IIIe-f-32** Nagagamit nang wasto ang mga ekspresyong hudyat ng kaugnayang lohikal (dahilan-	

ang mga napakinggang pahayag o mensahe					yon ang mga ekspres-yong nagpapakita ng kaugnayang lohikal	bunga, paraan-resulta)	
F8PN-III-ij-32 Naisa-isa ang mga hakbang sa pagbuo ng isang social awareness campaign tungkol sa isang paksa batay sa napakinggang paliwanag	**F8PB-IIIi-j-33** Nasusuri ang mga hakbang sa pagbuo ng isang kampan-yang panlipunan ayon sa binasang mga impormas-yon	**F8PT-IIIi-j-33** Naipaliliwanag ang mga salitang angkop na gamitin sa pagbuo ng isang kampanyang panlipunan	**F8PD-IIIi-j-33** Naipakikita sa isang powerpoint presentation ang mga angkop na hakbang sa pagbuo ng isang kampanyang panlipunan batay sa tema, panahon at tiyak na direksyon ng kampanya	**F8PS-IIIi-j-34** Nailalapat ang tamang damdamin sa mga pahayag na binuo para sa kampanyang panlipunan	**F8PU-IIIi-j-34** Nabubuo ang isang malinaw na (social awareness campaign tungkol sa isang paksa na maisasaga-wa sa tulong ng multimedia	**F8WG-IIIi-j-34** Nagagamit ang angkop na mga komunikatibon g pahayag sa pagbuo ng isang social awareness campaign	

Heto naman ang mga patunay na angkop ang mga gawain sa Gabay ng Pagtuturo sa mga kasanayang pagkatuto sa Gabay Pangkurikulum kaya ito ang nakakuha nang mataas na bahagdan. Halimbawa ang mga sumusunod: 46

Kasanayan sa Pagkatuto: Nagagamit ang mga angkop na ekspresyon sa paghahayag ng konsepto ng pananaw (ayon, batay, sang-ayon sa, sa akala, iba pa)

Pangwakas na Gawain

Gumawa ng isang komentaryong tumatalakay sa isang napapanahong isyu gaya ng *Cyber Bullying, Child Protection Policy* at Kalagayan ng Edukasyon sa Bansa. Gawin ito ayon sa hinihinging pamantayan.

1. Isang talatang sanaysay na nagbibigay puna o nagsasaad ng iyong sariling pananaw.
2. Gamit ang mga salitang nagsasaad ng konsepto ng pananaw.

Kasanayan sa Pagkatuto: Nagagamit nang wasto ang mga ekspresyong hudyat ng kaugnayang lohikal (dahilan-bunga, paraan-resulta)

GAWAIN 3.2.p: **DokPantele**

Layunin mo sa gawaing ito na ilapat sa tunay na sitwasyon ang mahahalagang konsepto tungkol sa dokumentong pantelebisyon na iyong natutuhan. Ang dokumentaryong inyong itatanghal ay dapat a) gumamit ang wika ng kabataan sa kaslukuyan, **b) may mga ekspresiyong nagpapakita ng mga konseptong may kaugnayang lohikal**, at c) estilo ayon sa halimbawang iyong nabasa o napanood at sa panlasa ng kabataang tulad mo.

Ang mga kasanayan sa pagkatuto sa markahang ito sa batayang kakayahang ***Wika at Gramatika*** ay nakahanay sa mga gawain sa Gabay ng Pagtuturo. Hindi magkakaroon ng

problema ang guro kung makakamit niya ang mga kasanayang ito dahil akma ang mga Gawain para rito at magagamit din ang lunsarang nakapaloob sa Gabay ng Pagtuturo.

Sa pag-aaral ni Cantal (2004), ang kasanayang gramatikal ay ang kakayahang umunawa at makabuo ng mga estraktura sa wika ayon sa mga tuntunin sa gramatika. Ang kasanayang sosyo-lingwistik naman ay ang kakayahang magamit ang wika sa isang kontekstong sosyal. Ayon kay Fantini (sa Pagkalinawan, 2004), may mga salik-panlipunang dapat isaalang-alang sa paggamit ng wika, ito ay ang ang ugnayan ng nag-uusap, ang paksa, lugar at iba pa. Ang mga salik panlipunang ito ay pinaikli at nilagom naman ni Hymes sa akronim na SPEAKING (s – setting; p – place; e-ends/layunin; a-act; k-keys; I- instrument; n-norms; g-genre). Samantala, ang kasanayang diskorsal naman ay tumutukoy sa kakayahang mabigyang nang wastong interpretasyon ang napakinggang pangungusap/pahayag upang makabuo ng isang makabuluhang kahulugan. At ang kasanayang istratijik ay ang kakayahang kung paano niya gagamitin ang wika sa iba't ibang sitwasyon.

Sa tradisyonal na talakayan sa klasrum, ang guro ang laging sentro ng talakayan, siya ang may malaking bahagdan ng gawain lalo na sa pagsasalita samantalang ang mga mag-aaral ay tagapakinig o tagasunod lamang. Ang mahusay na klasrum pangwika ay yaong may aktibong interaksyon sa pagitan ng guro at estudyante, at estudyante sa kanyang kapwa estudyante. Ang guro ang nagsisilbing tagapatnubay/pasiliteytor lamang sa iba't ibang gawain sa klasrum at ang mga estudyante naman ay aktibong nakikilahok sa iba't ibang gawaing pangkomunikasyon. Sa interaksyon ng mga estudyante sa kapwa estudyante, kailangang bigyan sila ng pantay na pagkakataon na makilahok sa iba't ibang gawain upang malinang kani-kanilang kasanayan.

Nakakuha naman ng pinakamababang resulta ang dalawang batayang kakayahang ***Paglinang ng Talasalitaan*** at ***Pagsasalita*** na may pitumpu't tatlong bahagdan o pitong kalahok ang tumugon sa pagsusuri sa mga lunsaran sa Ikatlong Markahan.

Sa mga kasanayan sa batayang kakayahan na ***Paglinang ng Talasalitaan,*** walang nakalagay na mga gawain sa Gabay ng Pagtuturo mula sa apat na lunsarang nakapaloob na – "***Tabloid: Isang Pagsusuri" ni William Rodriguez II, "Komentaryong Panradyo Kaugnay ng Freedom of Information Bill (FOI)", "Sa Gitna ng Dilim" ni Mil Adonis*** at ***"Manoro" (Ang Guro) ni Brillante Mendoza*** kaya naman walang magagamit ang guro upang matamo ng mga mag-aaral ang mga kasanayang nakapaloob dito.

Sa mga kasanayan naman sa batayang kakayahan na ***Pagsasalita,*** isa lamang sa apat na lunsaran sa Gabay ng Pagtuturo ay may gawain para rito. Tatlo sa apat na lunsaran ay hindi kakikitaan ng mga gawain na maaaring magamit ng guro sa pagtuturo ng mga aralin.

Makikita sa pagsusuri na walang nakalaang gawain sa dalawang batayang kakayahan na nararapat lamang na makita ito sa Gabay ng Pagtuturong ginagamit ng mga guro. Hindi matatamo ng mga mag-aaral ang mga kasanayan sa pagkatuto para sa dalawang

batayang kakayahang ito. Kailangan pang gumawa ng mga gawain ang guro o di kaya naman ay humanap ng ibang lunsaran na magagamit niya upang matamo ang mga nasabing kasanayan.

Tiningnan din ang pagsusuri sa kabuuan sa mga lunsaran ng mga guro sa Filipino sa Baitang 8. Makikita na sa pagsusuring ito nakakuha ng pinakamataas na bahagdan ang dalawang batayang kakayahang ***Pag-unawa sa Binasa*** at ***Paglinang ng Talasalitaan*** na naituos sa walumpu't limang bahagdan o walong kalahok ang tumugon dito. Mapapansin na ang mga kasanayan ay naging akma sa mga lunsaran at mga gawain sa Gabay ng Pagtuturo. Ang pagkaalam ng mga mag-aaral sa pagbibigay-kahulugan sa mga matatalinghagang salita ay makatutulong sa kanila sa pag-unawa sa pagbasa ng iba't ibang akda kaya naman ang dalawang batayang kakayahang ito ang nakakuha ng mataas na bahagdan sa kabuuang pagsusuri ng mga guro sa kanilang ginagamit na lunsaran sa Filipino 8.

Nakakuha naman ng pinakamababang resulta ang batayang kakayahang ***Estratehiya sa Pag-aaral*** na nakakuha lamang ng animnapu't apat na bahgdan o anim na kalahok ang nagpahayag nito. Walang mga gawaing nakapaloob dito sa Gabay ng Pagtuturo at hindi rin nabibigyang tuon sa pagtuturo ng guro. Ito ang naging dahilan kung bakit ito ay nakakuha ng mababang bahagdan.

Sa pagsusuri ng mga kalahok, nakabuo ng mga pamantayang makatutulong sa mga guro upang maging batayan sa pagpili ng mga angkop na lunsaran at gawain sa kanilang pagtuturo. Nabanggit nilang kailangang magkakahanay ang mga lunsaran, mga gawain, mga kasanayan at ang paksang tatalakayin.

Sa pag-aaral ni Tiongan (2011), sa mga nakaraang dekada ay nagsimulang magkaroon ng ibayong pansin sa pangangailangan ng mga kagamitang panturo bilang pagsasaalang-alang sa kapakanan ng mga mag-aaral at upang magkaroon ng makahulugan at mabisang pagtuturo at pagkatuto. Sa punto ng mga tradisyunal na pag-iisip, ang kagamitang panturo ay binubuo ayon sa paniniwala na ang pagtuturo ay dapat magsimula sa malinaw na layunin at pagtataya upang mataya kung balido ang layunin, nilalaman at pagkatuto ng mga mag-aaral. Binanggit niya rin sa kanyang pag-aaral na ayon kay Alwright (1990), ang mga kagamitan ay komokontrol sa pagtuturo at pagkatuto. Ang mga ito'y dapat na katulong sa pagkatuto ng mga mag-aaral, at magsisilbing pinagmumulan ng mga ideya at mga gawain para sa pagtuturo at pagkatuto *(resource of ideas and activities for instruction and learning),* at magsisilbing batayan o gabay ng guro sa mga gawain.

Isasaalang-alang din ang kakayahan, estilo at talento ng mga mag-aaral sa pagpili sa mga lunsaran at gawain. Sa loob ng silid-aralan, may mga mag-aaral na mabilis umunawa at mayroon ding hindi, kaya naman ang guro ay hahanap ng mga lunsaran at bubuo ng mga gawaing akma sa lahat ng kanyang mga mag-aaral. Ang paggamit ng iba't ibang estratehiya ng guro sa kanyang pagtuturo ang tutugon sa pamantayang ito. Subalit ano pa mang estratehiya ang gamitin ay mahalaga pa ring malamang ito ay dapat akma sa estilo ng

pagkatuto ng mga mag-aaral at mahalagang marunong ang mga guro sa pagsasakatuparan ng kanyang layunin sa paraang hindi maisasantabi ang kakayahan, interes at lebel ng kahandaan ng mag-aaral.

Ayon kay Manallo (2006), "ang *differentiated instruction* ay isang paraan ng pagtuturo na naglalayong matulungan ang guro sa pamamagitan ng mga estratehiya na magpapaunlad sa pagkatuto ng mag-aaral." Maaaring gamitin ito sa pag-*modify* ng nilalaman (ano ang ituturo), proseso (paano ituturo) at produkto (paano ipapakita ng mag-aaral ang kanyang natutuhan). Ito ay mabisang paraan upang matugunan ang pangangailangang pang-akademiko na aakma sa estilo ng pagkatuto ng bawat mag-aaral. Ito ay napapatungkol sa mga paraan para sa mga *visual learners*, *audio learners* at *kinesthethic learners* at iba pang uri ng mag-aaral o *diverse learners.* Kung ito ay maisasagawa ng guro, lahat ng mag-aaral ay mabibigyan ng halaga para sa inklusibong edukasyon (*inclusive education).*

Isa sa mga maaaring gawin ng guro ngayon ay ang paghahanap ng ibang akdang makabuluhan sa lugar na kanyang pinagtuturuan o yaong tinatawag na kontekstwalisadong mga lunsarang gagamitin niya sa pagtuturo.

Sa pag-aaral nina Saqlain, Saad at Islam (2011), ang pagiging kontekstwalisado ng teksto ay ang tekstong nagreresulta mula sa mga lokal na pangyayari at alinsunod sa mga pangangailangan ng mag-aaral at antas ng katalusan. Ipinahihiwatig din nito na ang tekstong ginagamit ay nababagay sa wika, pag-unawa ng mga target na mag-aaral at nababagay sa pilosopiya at sikolohiya ng mga mag-aaral at ng lipunan.

Ang kaalaman ay nagbabago mula sa isang konteksto patungo sa isa pang mas matagumpay na konteksto kapag nauunawaan ng mag-aaral hindi lamang ang tiyak kundi pati na rin ang pangkalahatang pananaw ayon sa pundamental na ideolohiya, modelo, at mga asosasyon na natamo sa pamamagitan ng aplikasyon ng pang-unawa.

Makatutulong din sa pagpili ng mga lunsaran at gawain kung angkop ang mga materyal sa kakayahan sa pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral. May mga mag-aaral na magaling magbasa nang may pag-unawa at mayroon ding hindi. Ang guro ay pipili ng materyal na mauunawaan nang mabuti ng lahat ng kanyang tinuturuan.

Ayon kay Sanchez (2017), "ang pagbasa nang may komprehensyon o pag-unawa ay pagbuo ng kahulugan habang nagaganap ang interaksyon sa teksto. Sinasabing kung walang pag-unawa ay walang pagbasang nagaganap." Binanggit din sa kanyang pag-aaral na ayon kay Goodman (1969), ang pagbasa ay nagiging makahulugan kung may interaksyon ang mambabasa at ang teksto. Kapag tayo'y nagbabasa, ang mga estratehiya natin sa pag-unawa ang dagliang nagbubunsod sa atin upang maiugnay ang ating kaalaman at mga karanasan sa mga impormasyon sa teksto upang makabuo tayo ng isang pagpapakahulugan. Dagdag pa, ang pag-unawa ay isang masalimuot na prosesong pangkaisipan. Hindi ito

matututuhan sa isang upuan lamang. Nangangailangan ito ng tuloy-tuloy na pag-aaral at paggamit. Maraming babasahin sa kasalukuyan na nagtataglay ng mga mapanghamong tema o paksa kaya't nararapat lamang na pagtuunan ito ng pansin. Mapauunlad ang kasanayang ito kung gagamit ng iba't ibang estratehiya. Ang estratehiya ay plinanong pamamaraan tungo sa isang layunin. Isa sa maaaring magamit na estratehiya ay pag-uugnay; sa pamamaraang ito ang mga mambabasa ay nagkakaroon ng ugnayan sa binasang teksto sa kanilang sariling karanasan *(text to self),* sa ibang teksto *(text to text),* at pag-uugnay sa mga pangyayari sa mundo *(text to world).* Mahalaga ang pagbasa nang may pag-unawa sa buhay ng tao. Isa ito sa pinakamahalagang bagay na dapat taglayin ng tao. Ito ay nagsisilbing daan ng kanyang tagumpay, kaligtasan at mabungang pamumuhay.

Upang mas mabilis sa pagbuo ng Plano ng Pagkatuto ang guro, makababuti kung ang gagamitin niyang materyal ay madali niyang mahanap o makita. Ayon kay Peralta (2012), "tungkulin ng mga guro na mabigyan ng maliwanag at mahusay na kaalaman ang kanilang mga mag-aaral. At sa tulong ng mga materyal o kagamitang napapanahon o naaayon sa pangangailangan ng mga mag-aaral sa pagkatuto ay maaaring maging matagumpay ang paglilipat at pagbibigay ng karunungan sa mga mag-aaral." Sa kanyang pag-aaral, sinabi ni Aguilar (2001) na ang paglinang ng mga guro ng mga kagamitang pampagtuturo ay makatutulong nang malaki sa pagtuturo sa mas madaling paraan, subalit ito ay nangangailangan ng pagtitiyaga, pagtitiiis, lakas ng loob at pagiging maparaan ng guro. Kailangang pinag-iisipang mabuti at hindi lamang sa sariling kapakanan ang iniisip sa paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo. Isa sa pinakamahalagang tungkulin ng isang guro ay ang masigurong may matutuhan ang mga mag-aaral sa kanyang itinuturo gamit ang mga kagamitang madaling makita o mahanap ng mga guro.

Ang pagkatuto ng isang mag-aaral ay responsibilidad ng guro. Nararapat lamang na pagtuunan niya ng pansin ang mga layunin at plano/disenyo ng pagtuturo upang matiyak na magkakaroon ng masteri ang mga mag-aaral sa mga kasanayan. Kailangang maipaliwanag pa sa mga mag-aaral ang dahilan kung bakit kailangang pag-aralan ang mga kasanayan/araling iyon na nakalahad sa *Daily Lessog Log* batay sa *DepEd Order No. 42, s. 2016.* Dahil ito ang magsisilbing gabay ng mga mag-aaral kung saan patungo ang mga aralin, at upang mabigyan ng paunang impormasyon kung anong *performance* o awtput ang gagawin nila sa panghuling araw. Ang plano/disenyo ng pagtuturo ay gabay naman sa mga guro upang matagumpay niyang maituro ang mga aralin.

Dagdag pa rito, napakahalagang magkaroon ng tiwala at kakayahan ang guro upang matagumpay niyang maitawid ang mga aralin. Binanggit ni Weimer (2012), ang pagtuturo nang may tiwala ay kapag alam ng guro kung ano ang mga sangkap at bahagi ng epektibo at magandang gawain. Ang mabuting pagtuturo ay hindi isang misteryo; ito ay hindi isang regalo. Ito ay binubuo ng mga kakayahan na makukuha, kung ano ang mga kasanayang kailangang mapaunlad. Nagkakaroon ng tiwala ang guro sa pagtuturo kung handa siya sa aralin. Alam niya kung anong dapat gawin at kung paano mangyayari ang plano ng pagkatuto. Dagdag pa rito, kakikitaan nang may tiwala ang guro kung nakikinig siya sa sinasabi ng mag-aaral tungkol

sa kanyang pagtuturo. Dahil dito, nakikipagtulungan ang guro sa kanyang mag-aaral sa pamamagitan ng pagsusuri sa kanilang dating alam at sa pag-uugnay sa bagong kaalaman. Nagtuturo ka nang may tiwala kapag handa ka. Alam mo kung ano ang gusto mong gawin at kung paano mangyayari ang iyong plano. Ang isang guro na may tiwala sa kanyang pagtuturo ay magkakaroon ng positibong epekto sa tagumpay ng kanyang mga mag-aaral, saloobin, damdamin at kahit *socio-emotional* na paglago. Upang mapabuti ang karanasan sa pag-aaral ng mga mag-aaral na mababa ang pag-unlad, ang pagpapabuti ng mga paniniwala ng guro sa kanilang kakayahan sa pagtuturo ay maaaring maging isang praktikal na paraan.

May kahandaan ang guro kung siya ay may kakayahan at kaalaman sa saklaw na nilalaman ng paksang itinuturo na kinikilala ng mga mag-aaral. Madaling makilala ng mga mag-aaral ang gurong organisado at handa nang magturo. Binanggit ni Darling-Hammond (2006), ang isang guro na may kakayahan ay nakakakuha ng pagkakataon upang hikayatin ang pag-aaral, paniniwalang ang lahat ng mag-aaral ay maaaring matuto. At ang pag-aaral ay hindi limitado sa silid-aralan. Sa layuning ito, ang guro ay may pagkakataon upang mapabuti ang sariling propesyonal na kasanayan, upang magbigay ng kalidad ng pag-aaral. Siya ay isang pinuno na nanalo sa mga puso at isipan ng mga mag-aaral. Nakikita ng ganitong guro ang kahalagahan sa pag-unlad at pagtatrabaho sa iba, kabilang ang mga magulang at kasamahan, at aktibong naghahanap ng mga pagkakataon para sa propesyonal na pakikipagtulungan sa loob at labas ng paaralan.

Napatunayan sa pag-aaral na ito na malaki ang naiambag ng mga tagabuo ng mga modyul sa mga asignatura kung saan nakapaloob ang mga nakahandang mga lunsaran at mga gawain ng mga guro na kanilang magagamit sa pagtuturo ng mga aralin, gayundin ang mga binuong kasanayan sa pagkatututo at mga batayang kakayahang nakapaloob sa Gabay Pangkurikulum. Tunay namang hindi matatawaran ang kanilang kagalingan sa paggawa ng mga kasangkapang ito na makatutulong sa pagtatagumpay ng pagkatuto ng bawat mag-aaral. Subalit kakikitaan din ng kaunting pagkukulang ang mga tagabuo ng Gabay ng Pagtuturo at Gabay Pangkurikulum na nakita sa pagsusuri sa mga lunsarang ginagamit ng mga guro sa kanilang pagtuturo sa mga aralin sa Filipino 8. Kaya naman, iminumungkahing ang mga tagabuo ng Gabay ng Pagtuturo at Gabay Pangkurikulum ay magkasangga sa pagbuo ng mga ito. Makatutulong din ang guro sa bawat asignatura sa mga tagabuo ng mga kasangkapang ito sa kadahilanang sila ang nakaaalam din sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral.

Makikita sa ibaba ang umusbong na balangkas ng isinagawang pag-aaral na ito.

Dayagram 1
Umusbong na Balangkas ng Pag-aaral



Makikita sa itaas ang umusbong na balangkas ng pag-aaral. Tinangka ng mananaliksik at mga kalok ng pag-aaral na suriin ang mga akdang pampanitikang lunsaran at mga gawain sa Gabay ng Pagtuturo sa Filipino 8. Siniyasat kung nakaangkla ang mga ito sa mga kasanayan sa Gabay Pangkurikulum. Kung kaya, nakabuo ng mga pamantayan sa pagpili ng mga higit na angkop na lunsaran at mga gawain.

Kung pagsisikapan ng mga guro na sundan ang mga pamantayang binanggit, magbubunga ito ng pagtatamo ng mga kasanayan sa pagkatuto sa Gabay Pangkurikulum. Matitiyak lamang ang pagtatamo nito kung angkop ang pagpili ng mga estratehiya, kagamitang pampagtuturo na nagsasaalang-alang din sa mga uri ng mag-aaral. Bunga nito, makakamit ng mga guro ang tagumpay sa layunin ng pagtuturo, plano/disenyo ng aralin at mararagdagan ang tiwala (*confidence*), at kakayahan (*competence*) ng guro sa sarili. Sa huli, kung ang mga ito ay lubusang maisasakatuparan, maglalandas ito sa higit na epektibong pagtuturo ng mga guro at mabungang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Batay sa resulta ng pag-aaral, iminumungkahi sa Kagawaran ng Edukasyon na nararapat lamang na maglaan ito ng pondo upang mabigyan ng pagsasanay ang mga tagalinang ng mga Gabay ng Pagtuturo at Gabay Pangkurikulum gayundin sa mga guro na magsisilbing taga-tugon kung epektibo ba ang nabuong kasangkapang ito sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Marami sa mga lunsaran sa Gabay ng Pagtuturo ay angkop sa mga kasanayan sa pagkatuto sa Gabay Pangkurikulum. May mga aralin din na nagkapalit-palit mula sa Gabay ng Pagtuturo at Gabay Pangkurikulum. Ang mga gawaing nakapaloob naman sa Gabay ng Pagtuturo ay hindi naging akma sa mga kasanayang makikita sa Gabay Pangkurikulum. Kaya naman, ang guro ay nangangailangang maging higit na mapamaraan at maghanap ng angkop na lunsaran na kanyang magagamit sa paglinang sa mga kasanayan na maaari niya ring gamitin upang makabuo ng mga gawaing kailangang isakatuparan ng mga mag-aaaral. Maaari rin siyang maghanap ng iba pang lunsaran na mas aangkop sa mga kasanayan sa pagkatuto sa Gabay Pangkurikulum.

Iminumungkahi ring bumuo na ang bawat departamento sa Filipino sa sangay ng mga mungkahing lunsaran na angkop sa konteksto ng lugar upang magkaroon ng iisang padron sa pagtuturo at hindi na mahirapan ang mga guro sa paghahanap ng mga lunsaran at gawain upang matiyak na magkaroon ng masteri ang mga mag-aaral sa mga kasanayan. Magagamit sa ganitong adhikain ang mga Master Teacher o mga batikang tagasulat sa sangay. Magbubunga ito ng pagbibigay ng kapangyarihan sa mga ito upang palawakin at patatagin ang *professional learning community* sa sangay.

Isa pang suhesyon ay ang group *study sessions* sa tulong ng mga *School Learning Action Cells (SLACs)* na nakikitang mahusay na estratehiya upang lunasan ang mga kinahaharap na suliranin ng mga guro sa pagtuturo, mapaunlad ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto ,na itinatagubilin ng Department Order No. 35, s. 2016. Sa mga ganitong gawain,

napag-uusapan ang magiging solusyon sa mga problema o hadlang ng mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto at kung paano mas magiging epektibo ang pagtuturo ng mga guro.

Ang pag-aaral na ito ay maaari ring gawin ng ibang guro sa Filipino sa ibang baitang upang kanilang matanto kung ang mga lunsaran at mga gawaing nakapaloob sa kanilang Gabay ng Pagtuturo ay akma sa mga batayang kakayahan at kasanayan sa pagkatutong matatagpuan sa Gabay Pangkurikulum. Sila rin ay maaaring magbigay ng suhestiyon kung ano ang mga akdang pampanitikan na mas aakma sa mga kasanayan sa pagkatuto. Sila rin ay maaaring makabuo muli ng pamantayan o makadagdag sa pamantayan sa pagpili ng mga angkop na lunsaran at gawain sa pagtuturo.

Kapag ang lahat ng ito ay patungo sa iisang tunguhin, ang mga kagamitang pampagtuturo ay maglalandas sa isang mabunga at epektibong pagtuturo ng guro at pagkatuto ng mga mag-aaral. Kung ito ay matagumpay na naisakatuparan, masasabing naging maunlad ang kalidad ng edukasyon. At harinawa'y ang mga mungkahing hakbang ay makatulong upang matamo ang *functional literacy* ng mga mag-aaral na maglalandas sa isang masagana at mapayapang buhay sa hinaharap.

SANGGUNIAN

Añonuevo, R. T. (2017). hinango noong Setyembre 2017 sa http://journals.ateneo.edu/ojs/index.php/ katipunan/article/viewFile/.

Añonuevo, R. T. (2016). Ang Filipino Bilang Disiplina: Sakop, Lawak, at Potensiya ng Pagtuturo ng Panitikan Kaugnay ng Bagong Kurikulum Bunsod ng K to 12. Katipunan: Filipino Bilang Disiplina, 4-5.

Bagon-Faeldan, A. M. (2018). hinango noong Agosto 2018 sa http://www.scribd.com/doc/34411461/ Mga-Lunsaran-Sa-Pagtuturo-Sa-Filipino.

Bates-Earner, N. (2017). Hinango noong Hulyo 2017 sa https://www.cigionline.org/sites/default/files/ mdg_post_2015v3.pdf.

Bretaña, M.P. (2005). Isang karagdagang kagamitang panturo sa sining pakikipagtalastasan sa antas para sa kolehiyo ng Mountain View College, Master Thesis Central Mindanao University.

Campbell, B. (2018). hinango noong Hulyo 2018 sa http://nfl.packers.com/fan_zone/contests/ badger_mutual_essay_contest/essay061119.pdf.

Collins, H. (2018). hinango noong Agosto 2018 https://www.collinsdictionary.com/dictionary/ english/skills.

Cuizon, R. I. (2014). Meta Analisis sa Pagsusuri ng Maiikling Kuwento sa mga Tesis at Disertasyon. Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research, pp. 6-8.

Darling-Hammond, L. (2006). Constructing 21st-century Teacher education - *Journal of Teacher Education.*

Dela Cruz, N. (2017). hinango noong Setyembre 2017 sa http://thelasallian.com/2013/08/07/ filipino-a-liberal-arts-medium-of-instruction/.

Ebert, E.S. (2017). hinango noong Hunyo 2017 sa https://blablawriting.com/curriculum-definition essay.

Emerson, R. W. (2017). Hinango noong Hulyo 2017 sa http://www.csun.edu/~kjs26872/ Teaching_Quotes.html.

Fernandez, J. (2017). hinango noong Hulyo 2017 sa https://www.slideshare.net/lourise/research-paper-in-filipino.

Galang, E. (2017). hinango noong Setyembre 2017 sa https://www.scribd.com/doc/80541778/ Panukalamg-Tesis-BSED-Filipino-Klase-sa-Tag-araw-2004.

Gannaban, M. F. (2012). Isang Pagsusuri sa Persepesyon at Aktwal na Kahusayang Pampagtuturo. Dalumat Ejournal, Vol. III No.1, pp. 17-18.

Gatanela, R. M. (2017). hinango noong Hulyo 2017 sa https://prezi.com/f-66ofnosj0k/presentation-of-the-research-study/.

Gray, W. S. (2018). hinango noong Hulyo 2018 sa https://cyanobacterias.wordpress.com/2015/02/08/ hello-again/.

Haggardy, L. (2018). hinango noong Oktubre 2018 sa https://www.tandfonline.com/doi/abs/10.3109/01421599609034141?JournalCodete.

Henderson, S. (2017). hinango noong Hunyo 2017 sa http://www.springboardtraining.com/about-st/whats-a-springboard.

Janovsky, A. (2018). hinango noong Setyembre 2018 sa https://study.com/academy/lesson/ instructional-materials-definition-examples-evaluation.html.

Lazaro-Zamora, N. C. (2018). hinango noong Hunyo 2018 sa http://po.pnureserachportal.org/ejournal/index.php/normallights/article/view/.

Magdato, M. T. (2016). Improvement of Vocabulary and Reading Comprehension of Grade Six Pupils Through Explicit Instruction of Vocabulary.

Manallo, A. D. (2016). Differentiated Instruction: Estratehiya sa Pagtuturo ng Literaturang Filipino, pp. 1-2.

Meador, D. (2017) hinango noong Agosto 2017 sa http://teaching.about.com/od/A-ITeachingGlossary /g/Instructional-Strategies.htm.

Merriam-Webster Dictionary (2018). hinango noong Setyembre 2018 sa https://www.merriam webster.com/dictionary/skill.

Pagkalinawan, L. C. (2017). hinango noong Agosto 2017 sa https://larc.sdsu.edu/images/larc/ pagkalinawan-malikhaing-pagtuturo-ng-wika.pdf.

Peralta, M. (2018). hinango noong Oktubre 2018 sa https://www.academia.edu/28402119/THESIS_FINAL_1

Popa, A. (2017). hinango noong Hulyo 2017 sa http://journals.ateneo.edu/ojs/index.php/ katipunan/article/view/.

Quality Education (2018). Why It Matters. Hinango noong Setyembre 2018 sa https://www.un.org/sustainabledevelopment/wp-content/uploads/2018/09/Goal-4.pdf).

Reoperez, M. G. C. (2016). A Model on the Role of Fluency in the Reading Comprehension of Filipino Bilingual Adolescents.

Reyes, S. E. (2017). hinango noong Agosto 2017 https://ejournals.ph/article.php?id=10189.

Saqlain, N., Saad, I. & Islam R. (2011). *Impact of Contextualized Text on Students' Learning of Writing Skills at Tertiary Level,* 73.

Sanchez, M. S. (2018) hinango noong Oktubre 2018 sa http://udyong.gov.ph/index.php?option=com_content&view=article&id=8920:pagbasang-may-pag-unawa-o-reading-comprehension&catid=90&Itemid=1267.

Sauco, C. P. (2017). hinango noong Hunyo 2017 sa https://tl.wikipedia.org/wiki/Panitikan

Slavin, R. E. (2017).hinango noong Hulyo 2017 sa https://books.google.com.ph/books. The Levin Institute (2018). hinango noong Setyembre 2018 sa http://www.globalization101.org/what-is-globalization/.

Weimer, M. (2018). hinango noong Oktubtre 2018 sa https://www.facultyfocus.com/articles/teaching-professor-blog/teaching-with-confidence-advice-for-new-faculty/

Zafra, G. S. (2018). hinango noong Agosto 2018 sa http://journals.ateneo.edu/ojs/index.php/katipunan/ article/view/.

Zafra, G. S. (2016). Ang Pagtuturo ng Wika at Kulturang Filipino sa Disiplinang Filipino (Konteksto ng K-12). Katipunan: Filipino Bilang Disiplina, pp. 3-4.

Zamora, C. L. (2016). Pagtataya sa Modularisasyonng K-12 sa Asignaturang Filipino: Tungo sa Pagbuo ng Modelo ng Ebalwasyon para Kagamitang Panturo na Tutugonsa Ika-21 Siglong Kasanayan. The Normal Lights, Vol. X, No.2 pp. 213-214.

Zojon, J. (2017). hinango noong Hunyo 2017 sa http://www.hau.edu.ph/abstractspdf/.

Zook, C. (2018). hinango noong Setyembre 2018 sa https://www.aeseducation.com/careercenter21/what-are-21st-century-skills.